



Dalawang dantaon bago kay Kristo, isinulat ni Jesus na anak ni Sirac ang aklat na ito na isang paglalagom ng mga tradisyon at mga aral ng mga “pantas”.

Maykaya siya sa buhay at may mataas na pinag-aralan. Malamang na ama siya ng isang kilalang sambahayan na may mga utusan. Nakiharap siya sa maraming tao at iniukol ang sarili sa trabaho at negosyong naging maunlad. Sa dakong huli, ipinagtatapat ng pantas na ito na ang mga sagradong aklat ang nagturo sa kanya ng sekreto ng tagumpay. Sa pagsulat niya ng aklat na ito, gusto niyang ibahagi sa iba ang nabasa niya sa mga sagradong aklat at napatunayan sa sarili niyang karanasan.

Nagsulat siya mga ilang taon bago dumating ang krisis sa relihiyon na isinasalaysay sa mga aklat ng mga Macabeo. Marami sa kanyang mga kapanahon ang nagpaakit sa kulturang Griyego. At parang wala na sa panahon ang relihiyon ng mga Judio para sa kanila. Sinikap niyang ilahad sa bagong paraan ang pananampalataya ng Israel. Wala nang iba pang bansang may karunungan higit sa karunungan ng bayan ng Diyos sapagkat sa talaga ng Panginoon, doon dumating ang Karunungan para manahan. Ipinakikita ng aklat na ito kung paanong naghahatid ang Batas ng Diyos sa mas makatao, mas matalino at mas responsableng buhay personal at panlipunan.

May dalawang malaking bahagi ang aklat na ito:

– Binubuo ng pitong serye ng mga kasabihan ang mga kabanata 1-42. Nag-uumpisa ang bawat isa sa parangal sa karunungan. Talagang kapansin-pansin ang tula tungkol sa karunungan sa kabanata 4.

– Nag-uumpisa naman ang mga kabanata 43-51 sa papuri sa Diyos na ang karunga’y nagniningning sa kaayusan ng sanlibutan. Nagpapatuloy ang mga ito sa paglalarawan ng matalinong pagkilos ng Diyos sa mga dakilang tao ng Matandang Tipan.

**Paunang Salita ng nagsalin sa Griyego mula sa Hebreo**

• Nagbigay sa atin ang Batas, ang mga Propeta at iba pang mga kasulatang kasunod

nila ng marami at dakilang aral kaya dapat na purihin ang Israel ukol sa kaalaman at karunungan. Ngunit hindi sapat na matuto tayo para sa sarili nating kaalaman: dapat makatulong sa

• Hindi ginagamit ng mga Judio ang salitang *Biblia*. Tinatawag nila itong: *Ang Batas, mga Propeta, at mga Akda* na tatlong mahahalagang pangkat ng sagradong aklat. Tingnan ang katulad na tawag sa Lc 24:44.

mga tagalabas ang mga nagmamahal sa karunungan sa kanilang pagsasalita at pagsulat.

Dahil dito sinimulang sulatin ng aking ninunong si Jesus ang tungkol sa aral at karunungan. Inilaan nga niya ang sarili sa pagbabasa ng Batas, ng mga Propeta at mga ibang sinulat ng ating mga ninuno at nagkaroon siya ng ganap na kaalaman sa mga ito. At ninais niya na mapakinabangan ng mga kaibigan ng kaalaman ang kanyang mga sinulat para sa lalong ikauunlad ng kanilang pamumuhay alinsunod sa Batas.

Kaya inaanyayahan namin kayong basahin ang aklat na ito nang buong kabutihang-loob at masusing pansin, at maging mapagpaubaya sa anumang di napawastong pagpapakahulugan sa kabila ng aking matiyagang pagsisikap sa pagsasalin. Nababawasan nga ng bisa ang mga salitang sinulat sa Hebreo sa aklat na ito kapag isinalin sa ibang wika. Totoo din ito sa iba pa. Hindi kakaunti ang mga kaibahan sa pagsasalin ng Batas, ng mga Propeta at iba pang kasulatan.

Pagdating ko sa Ehipto noong ikatatlumpu't walong taong paghahari ni Evergetes at sa pagtigil ko roon, natagpuan ko ang isang sipi ng mahalagang aral na ito at ipinasya kong kailangan ang maingat at masikap na pagsasalin ng aklat na ito.

Kaya nag-ukol ako, sa panahong iyon, ng pagpupuyat at pag-aaral upang matapos ang aklat na ito at maipalimbag para magamit ng mga naninirahan sa labas ng Palestina na mahilig sa karunungan at gustong mamuhay alinsunod sa Batas.

### Karunungang galing sa Diyos

**1** • <sup>1</sup> Nanggagaling sa Panginoon ang lahat ng karunungan at sumasakanya magpakailanman.

<sup>2</sup> Ang mga buhangin sa dagat, ang mga patak ng ulan at ang mga araw ng kawalang-hanggan – sino ang makabibilang sa mga iyon?

<sup>3</sup> Ang kaitaasan ng langit, ang dulo ng lupa at ang pusod ng kalaliman – sino ang makaaarok sa mga iyon?

• **1.1** Sa tulang ito, ipinahahayag ng sumulat ang kanyang pananampalataya. Sa mga nag-aakalang mas makabago sila sapagkat karunungan at aral ng tao ang hanap nila, sinasabi niya na ang tunay na karunungan ay nasa pananalig at pagkatakot sa Diyos.

Paulit-ulit siyang nagsasalita tungkol sa *pagkatakot sa Panginoon*, tulad sa mga salmo. Huwag nating akalain na ito ang takot ng mga paganong naguguni-guni ang isang magagaliting Diyos.

Ang may takot sa Diyos ay ang mamalayan na lagi siyang kapiling at ang magdisisyon sa harapan niya. Ang

<sup>4</sup> Nalikha na ang Karunungan bago pa ang lahat at ang mahinahong pang-unawa bago pa nagsimula ang panahon.

<sup>6</sup> Kanino inihayag ang ugat ng Karunungan? At sino rin ang nakaaalam sa kanyang mga lihim na balak?

<sup>8</sup> May isa lamang na marunong at dapat katakutang mabuti – siya na nakaluklok sa kanyang trono: <sup>9</sup> siya ang Panginoon.

Siya ang lumikha ng karunungan; nakita niya ito at sinukat at ibinuhos sa lahat ng kanyang mga gawa, <sup>10</sup> sa lahat ng tao nang ayon sa kanyang kabutihan. Ibinuhos niya ito sa mga nagmamahal sa kanya.

<sup>11</sup> Kaluwalhatian at karangalan ang pitagan sa Panginoon, isang kagalakan at maringal na putong.

<sup>12</sup> Nagpapasigla sa puso ang pagpipitagan sa Panginoon, nagdudulot ng kagalakan, kasiyahan at mahabang buhay.

<sup>13</sup> Mapapabuti sa wakas ang may pitagan sa Panginoon: pagpapalain siya sa araw ng kanyang kamatayan.

<sup>14</sup> Simula ng karunungan ang pitagan sa Panginoon; nilikha ang karunungan kasabay ng mga matapat at sumasakanila mula pa sa sinaupunan.

<sup>15</sup> Nagpupugad siya sa piling ng mga tao at matapat na kaalakbay ng kanilang mga inapo.

<sup>16</sup> Kabuuan ng karunungan ang pitagan sa Panginoon. Nilalasing niya ang mga tao sa mga bunga niya. <sup>17</sup> Pinupuno niya ang kanilang bahay ng mga kanais-nais na bagay, at ang mga imbakan nila ng kanyang kayamanan. <sup>18</sup> Putong ng karunungan ang pitagan sa Panginoon. Namumukadkad sa kanya ang kapayapaan at kalusugan. <sup>19</sup> Pinauulan niya ang kaalaman at pang-unawa. Niluluwalhati ang mga nag-aangkin sa kanya.

<sup>20</sup> Ugat ng karunungan ang pagpipitagan sa Panginoon at mga sanga niya ang mahabang buhay. <sup>22</sup> Hindi mabibigyang-katwiran ng tamपालasan ang karahasan, mawawasak ito ng saring kalabisan.

<sup>23</sup> Makapananatiling matatag hanggang sa

sinumang nakaaalam na malapit ang Diyos ay natatakot sugatan ang kanyang damdamin dahil alam niya ang pag-ibig at katapatan ng Diyos. Ang pagkatakot sa Diyos ay nangangahulugan ng paggalang sa kanya at pagsasaalang-alang sa kanya bago ang lahat ng iba.

Kabaligtaran ng pagkatakot sa Diyos ang pagkatakot sa sasabihin ng iba, pagkatakot na pagtawanan, at pagkatakot na mabigo. Mas binibigyang-halaga ng maytakot sa Diyos ang sinasabi ng Diyos, ang kanyang ipinangangako sa pag-aanyaya niya sa atin na hanapin siya at iligtas ang kapwa.

takdang panahon ang taong matiyaga, at sa huli ipagkakaloob sa kanya ang kaligayahan.

<sup>24</sup> Makapagtitimpi siya sa pagsasalita hanggang sa takdang panahon, at sa huli ipapahayag ng marami ang kanyang katalinuhan.

<sup>25</sup> Nasa kabang-yaman ng karunungan ang mga kasabihang malaman, ngunit kasuklam-suklam sa mga makasalanang paggalang sa Diyos.

<sup>26</sup> Naghahangad ka ba ng karunungan? Sundin mo ang mga utos at ipagkakaloob iyon sa iyo ng Panginoon, <sup>27</sup> sapagkat karunungan at kaalaman ang pitagan sa Panginoon; katapatan at kababaang-loob ang gusto niya.

<sup>28</sup> Huwag mong suwayin ang pitagan sa Panginoon at baka dumulog ka sa kanya nang may pagdadalawang-puso. <sup>29</sup> Huwag kang magkunwari sa harap ng tao at ingatan mong mabuti ang iyong mga salita.

<sup>30</sup> Huwag kang magmataas, baka ka mahulog at magtamo ng kahihiyang. Sapagkat ibunyang ng Panginoon ang mga lihim mo at hihiyain ka niya sa mga mamamayan dahil sa wala kang pitagan sa Panginoon at puno ng panlilinlang ang iyong puso.

### Matakot sa Diyos sa panahon ng pagsubok

**2** • <sup>1</sup> Anak, kung ika'y dudulog sa Panginoon upang maglingkod, ihanda mo ang iyong sarili sa pagsubok. <sup>2</sup> Ituwid mo ang iyong puso at manatili kang matatag, huwag mag-ulik-ulik sa panahon ng kagipitan.

<sup>3</sup> Mangapit ka sa Panginoon, huwag kang lalayo sa kanya upang dakilain ka sa huling araw. <sup>4</sup> Tanggapin mo ang anumang sasapit sa iyo, maging matisin ka sa kagipitan at kadustaan sapagkat sa apoy sinusubok ang ginto at sa pugon ng paghamak ang mga kalugud-lugod sa Diyos. <sup>6</sup> Magtiwala ka sa kanya at tutulungan ka niya; ituwid mo ang iyong daan at umasa ka sa kanya.

<sup>7</sup> Kayong may pitagan sa Panginoon, maghintay kayo ng kanyang awa at huwag tumalikod, baka kayo mahulog. <sup>8</sup> Ka-

yong may pitagan sa Panginoon, manalig kayo sa kanya at hindi kayo mawawalan ng gantimpala. <sup>9</sup> Kayong may pitagan sa Diyos, umasa kayo sa lahat ng mabubuting bagay, sa walang hanggang tuwa at awa.

<sup>10</sup> Alalahanin ang mga dating salinlahi. Sino ba ang nagtiwala sa Panginoon at nabigo? Sino ba ang nanatiling may pitagan at pinabayaan? Sino ang tumawag sa kanya at di pinakinggan?

<sup>11</sup> Sapagkat maramdamin at maawain ang Panginoon; pinatatawad niya ang mga makasalanang inililigtas sa panahon ng kagipitan.

<sup>12</sup> Sa aba ng mga pusong duwag at mahihinang kamay, ng mga makasalanang nagdadalawang-mukha.

<sup>13</sup> Sa aba ng mahinang puso na walang pagtiwala, at dahil dito'y di siya maipagtatangol. <sup>14</sup> Sa aba ninyong nawalan ng pagtitiis! Ano ang inyong gagawin pag pinapagsulit kayo ng Panginoon?

<sup>15</sup> Ang mga may pitagan sa Panginoon ay di sumusuwag sa kanyang mga utos; tapat na sumusunod sa kanyang mga batas ang mga nagmamahal sa kanya.

<sup>16</sup> Naghahangad na kalugdan ng Panginoon ang may pitagan sa kanya; napupuspos ng kanyang Batas ang nagmamahal sa kanya.

<sup>17</sup> Inihahanda ng mga may pitagan sa Panginoon ang kanilang puso at nagpapakumbaba sa kanyang harapan, <sup>18</sup> nagsasabing: "Mahulog nawa tayo sa mga kamay ng Panginoon at huwag sa mga kamay ng tao; kasindakila ng kanyang kapangyarihan ang awa niya.

### Mga tungkulin sa magulang

**3** • <sup>1</sup> Makinig, mga anak, ako ang inyong ama; sundin ninyo ang payo

• **2.1** Ang gustong maglingkod sa Diyos ay dapat maging handa sa pagharap sa mga pagsubok at mga pagsalungat. Naipapakita ang tunay na pananalig sa Diyos kapag di-mabuti ang kinahihinatnan ng mga pangyayari. Kasama ng pananamपालतया at pagtitiyaga, ang pananalig ay isang saligang katangian ng sumasampalataya.

• **3.1** Ito ang pinakamagandang komentaryo sa utos ni Moises tungkol sa mga tungkulin ng mga anak sa kanilang mga magulang. Ito ang kahulugan ng paggalang sa kanilang magulang: respeto, pag-unawa, at materyal na tulong sa paghihirap ng mga magulang.

ko upang kayo'y maligtas. <sup>2</sup> Sapagkat itinatag ng Panginoon ang kapangyarihan ng ama sa mga anak, pinagtibay niya ang karapatan ng ina sa mga anak.

<sup>3</sup> Patatawarin sa sariling kasalanan ang gumagalang sa kanyang ama; <sup>4</sup> nag-iipon para sa kanyang sarili ang nagpaparangal sa kanyang ina.

<sup>5</sup> Bibigyang-galak ng sariling mga anak ang gumagalang sa kanyang ama at diringgin ang kanyang mga panalangin.

<sup>6</sup> Magtatagal ang buhay ng gumagalang sa kanyang ama. Tumatalima sa Panginoon ang nang-aaliw sa kanyang ina <sup>7</sup> at naglilingkod sa nagsilang sa kanya.

<sup>8</sup> Igalang mo ang iyong ama sa salita at sa gawa upang sumaiyo ang kanyang mapagpalang basbas. <sup>9</sup> Sapagkat napatatag ng pagpapala ng ama ang buhay ng mga anak ngunit binubunot ng sumpa ng isang ina ang mga pundasyon nito.

<sup>10</sup> Huwag mong ipagmalaki ang kahihiyang ng iyong ama, pagkat hindi mo ikarangal ang kanyang kahihiyang. <sup>11</sup> Niluluwalhati ng tao ang karangalan ng ama; ang inang walang dangal ay kahihiyang ng mga anak.

<sup>12</sup> Anak, kalingain mo ang iyong ama sa kanyang katandaan, huwag mo siyang bigyan ng ikalulungkot habang siya'y nabubuhay.

<sup>13</sup> Kung mawalan man siya ng isip, pagtiisan mo siya; huwag mo siyang lapastanganin sa kasibulan mo.

<sup>14</sup> Di malilimutan ang pagkaawa sa isang ama at magiging kabayaran sa iyong mga kasalanan. <sup>15</sup> Sa panahon ng ligalig, aalalahanin ka ng Panginoon; tulad ng yellow natutunaw sa init, ang mga kasalanan mo'y matutunaw rin. <sup>16</sup> Tulad ng lumalapa-pastangan sa Diyos ang magpabaya sa kanyang ama; isinusumpa ng Panginoon ang nagpapagalit sa kanyang ina.

#### **Kababaang-loob**

<sup>17</sup> Anak, gumawa ka nang mahinahon at mamahalin ka ng taong kalugud-lugod sa Diyos. <sup>18</sup> Habang ika'y dumadakila, lalo kang

magpakumbaba at magiging kalugud-lugod ka sa Diyos. <sup>20</sup> Sapagkat dakila ang kapangyarihan ng Panginoon at niluluwalhati siya ng mga mababang-loob.

<sup>21</sup> Huwag mong hanapin ang masyadong mahirap para sa iyo o saliksikin ang di abot ng kakayahan mo. <sup>22</sup> Pakaisipin mo ang iniuutos sa iyo; hindi mo kailangang malaman ang mga bagay na nalilingid.

<sup>23</sup> Huwag kang mabahala sa mga bagay na di mo abot; hindi na kayang unawain ng tao ang mga ipinakita sa iyo.

<sup>24</sup> Sapagkat marami na ang naligaw sa kanilang sariling palagay at inilihig ng masamang pagsaliksik ang kanilang isip.

<sup>26</sup> Masusubo sa kasamaan ang sutil at maparool sa panganib ang mahilig dito. <sup>27</sup> Mabi-bigatan ng mga paghihirap ang may matigas na ulo at lalong magkakasala ang walang bait.

<sup>28</sup> Walang lunas ang kasawiampalad ng palalo, sapagkat malalim ang pagkakaugat sa kanya ng kasamaan. <sup>29</sup> Mahalaga sa marunong ang mga kasabihan; at mahalaga rin sa kanya ang siya'y pinakikinggan.

#### **Pagkakawanggawa**

<sup>30</sup> Pinapatay ng tubig ang nagliliyab na apoy, gayundin tinutubos ng kawanggawa ang kasalanan. <sup>31</sup> Naghahanda sa kinabukasan ang nagkakawanggawa: may masasandalan siya sa sandali ng kanyang pagbagsak.

**4** <sup>1</sup> Anak, huwag mong pagkaitan ng pagkain ang dukha at papaghintayin ang humihiling na mata.

<sup>2</sup> Huwag mong palungkutin ang nagugutom o pagalitin ang isang nangangailangan. <sup>3</sup> Huwag mong inisin ang isang nagagalit na tao o papaghintayin ng limos ang isang pulubi.

<sup>4</sup> Huwag mong ipagtabuyan ang lupaypay sa hirap, ni talikuran ang kaawa-awa; <sup>5</sup> huwag mong talikdan ang nangangailangan o bigyan ang sinuman ng katwiran para sumpain ka.

<sup>6</sup> Kapag isinumpa ka niya sa tindi ng kanyang pagdaramdam, diringgin ng Lumikha ang kanyang panalangin.

<sup>7</sup> Kalugdan ka nawa ng sambayanan; yumuko ka sa harap ng maykapangyarihan.

<sup>8</sup>Dinggin mo ang maralita at sagutin mo nang mapayapa at mahinahon. <sup>9</sup>Iligtas mo ang api sa mga kamay ng nani-nikil. Huwag maging mahina ang loob sa paggagawad ng hatol. <sup>10</sup>Maging ama ka ng mga ulila at tulad sa asawa ng kanilang ina. At magiging para kang anak ng isang Kataas-taasan at iibigin ka niya nang higit pa sa sarili mong ina.

<sup>11</sup>Pinalalaki ng karunungan ang kanyang mga anak at pinahahalagahan ang mga nagha-hanap sa kanya. <sup>12</sup>Nagmamahal sa buhay ang nagmamahal sa kanya. Malilipos ng kaligayahan ang mga gumigising nang maaga upang hanapin siya.

<sup>13</sup>Magmamana ng kaluwalhatian ang mag-aangkin sa karunungan, pagpapalain ng Panginoon saan man pumaroon. <sup>14</sup>Sumasamba sa Tanging Banal ang mga naglilingkod sa kanya at nagmamahal sa Panginoon ang mga nagmamahal sa kanya. <sup>15</sup>Makapagpapasiya nang makatarungan ang nakikinig sa kanya; mapapanatag ang kumakapit sa kanya.

<sup>16</sup>Aangkinin siya ng nananalig sa kanya at mamanahin siya ng mga inapo niyon.

<sup>17</sup>Sa pasimula'y aakayin niya ito sa liku-likong mga daan na magdudulot ng takot at sindak; papagtitisin ng kanyang disiplina hanggang sa mapagtiwalaan niya; at susubukin ito sa kanyang mga kautusan.

<sup>18</sup>Pagkaraan ay aakayin ito sa patag na daan at bibigyan ng kaligayahan; at saka ihahayag niya rito ang kanyang mga lihim.

<sup>19</sup>Ngunit kapag nagpakaligaw, ito ay hahayaan niyang mawala.

<sup>20</sup>Timbangin mo ang mga pangyayari at iwasan ang kasamaan. Huwag mo sanang ikahiya ang sarili. <sup>21</sup>May pagkahiyang humahantong sa pagkakasala at may pagkahiya namang dapat purihin at igalang. <sup>22</sup>Huwag mong pinsalain ang sarili sa pagpapahinuhod sa panghihikayat ng iba, at baka ka bumagsak dahil sa pagbibigay-lugod.

<sup>22</sup>Huwag kang magpigil na magsalita kung kinakailangan. Huwag mong itago, ang iyong karunungan. <sup>24</sup>Sapagkat nakikilala sa pagsasalita ang karunungan, at sa pangangaral ang kaalaman. <sup>25</sup>Huwag mong tutulan ang katotohanan; sa halip, aminin mo ang iyong kamangmangan.

<sup>26</sup>Huwag mong ikahiya ang pag-amin sa iyong mga kasalanan; huwag mong pigilan ang agos ng ilog.

<sup>27</sup>Huwag kang magpatirapa sa harap ng isang hangal; huwag kang pahikayat sa makapangyarihan.

<sup>28</sup>Ipaglaban mo ang katotohanan hanggang kamatayan at ipagtatanggol ka ng Panginoong Diyos.

<sup>29</sup>Huwag kang maging matapang sa pananalita at saka tamad at pabaya sa iyong gawa.

<sup>30</sup>Huwag kang maging parang leon sa saringling pamamahay, masyadong mahigpit at malupit sa mga alila.

<sup>31</sup>Huwag buksan ang iyong kamay sa pagtanggap at sarhan naman kung dapat kang magkaloob.

#### Huwag umasa sa kayamanan

**5** • <sup>1</sup>Huwag kang sumandal sa iyong kayamanan. Huwag mong sabihing: "Nasa akin ang aking kailangan." <sup>2</sup>Huwag patangay sa iyong nasa at lakas upang sundin ang iyong mga kahalingan.

<sup>3</sup>Huwag mong sabihing: "Sino ang pipigil sa akin?" Tiyak na parurusahan ka ng Panginoon.

<sup>4</sup>Huwag mong sabihing: "Ako'y nagkasala at ano'ng nangyari?" Sapagkat naghihintay lamang ng pagkakataon ang Panginoon.

<sup>5</sup>Huwag mong asahan ang kapatawaran kapag sinasadya mong gumawa ng patungpatong na kasalanan. <sup>6</sup>Huwag mong sabihing: "Malaki ang kanyang awa: Patatawarin niya ako gaano man kalaki ang aking kasalanan!" Sapagkat nasa kanya ang awa at poot; ibubuhos niya ang kanyang galit sa mga makasalanan.

<sup>7</sup>Huwag mong antalihin ang pagbabalik-loob sa Panginoon, huwag mong ipagpaliban ito sa araw-araw. Sapagkat biglang sisiklab ang galit ng Panginoon at baka mapahamak ka sa araw ng paghuhukom.

<sup>8</sup>Huwag kang umasa sa di-makatarungang kayamanan sapagkat di mo iyon pakikinabangan sa araw ng sakuna.

<sup>9</sup>Huwag kang patangay sa lahat ng hangin ni maglakad sa kahit anumang daan na tulad ng makasalananang may dalawang-mukha. <sup>10</sup>Maging matatag ka sa iyong mga paninindigan at huwag pabagu-bago sa iyong pananalita. <sup>11</sup>Maging handa ka sa pakikinig, at hindi madali sa pagsagot.

<sup>12</sup>Kung mayroon kang kaalaman, sagutin mo ang iyong kapwa; kung hindi naman, mabuti

• 5.1 5:6: Kung minsan, may ilang Kristiyanong ang walang-hanggang awa ng Diyos ang kinakasangkapan para maipagpatuloy ang masama nilang asal.

pang huwag ka nang kumibo. <sup>13</sup>Bunga ng mga salita ang karangalan at ang kahihyan din; ang dila ng tao ang dahilan ng kanyang pagbagsak.

<sup>14</sup>Huwag kang patawag na isang maninirang-puri; huwag kang mandadaya sa iyong pagsasalita. Kung kahihyan ang hantungan ng magnanakaw, mas mabigat na paghatol ang kahihinatnan ng magdaraya.

<sup>15</sup>Pakaingatan mong magkamali maging sa malaki o maliit na bagay, at huwag mong awayin ang isang kaibigan. Naghahatid ng kahihyan at kadustaan ang pagkasira ng karangalan; ito ang kapalaran ng makasalanang sanay mag-sinungaling.

**6** <sup>1</sup>Kahihyan at kasiraan ng pangalan ang tatamuhin ng tampalasan; gayundin ng makasalanang nagbubulaan.

<sup>2</sup>Huwag kang patangay sa iyong kahalingan at baka lurayin ka nitong parang isang toro.

<sup>3</sup>Uubusin nito ang iyong mga dahon at sisirain ang iyong mga bunga hanggang iwan kang katulad ng tuyong punungkahoy. <sup>4</sup>Ang masamang damdaming umaalipin sa tao ang magpapahamak sa kanya; dahil diya'y pagtatawanan siya ng kanyang mga kaaway.

### Mga kaibigan

• <sup>5</sup>Pinararami ng magiliw na pangungusap ang mga kaibigan; sinusuklian ng magiliw na kasagutan ang dilang mabait.

<sup>6</sup>Maging marami man ang iyong mga kaibigan, isa lamang sa sanlibo ang iyong tagapayo!

<sup>7</sup>Kung magkakaroon ka ng kaibigan, subukin mo muna siya at huwag kang magtitiwala kaagad sa kanya. <sup>8</sup>Sapagkat may kaibigang mapagsamantala: lalayan ka nito kapag naghirap ka. <sup>9</sup>May kaibigang magiging kaaway mo, at upang hiyain ka'y ibubunyang ang lahat ng inyong alitan. <sup>10</sup>May kaibigang kasalo mo sa hapag ngunit hindi mananatiling tapat sa sandali ng iyong kapighatian. <sup>11</sup>Kapag nakaririwasa ka, siya'y magiging parang ang iyong sarili at malayang mag-utos

sa iyong mga kasambahay. <sup>12</sup>Ngunit magiging kaaway siya sa kasawiampalad mo at iiwasan niyang makatagpo ka.

<sup>13</sup>Lumayo ka sa iyong mga kaaway at mag-ingat sa iyong mga kaibigan. <sup>14</sup>Mati-bay na kanlungan ang matapat na kaibigan; nakatagpo ng kayamanan ang makatagpo nito. <sup>15</sup>Walang katumbas ang matapat na kaibigan; wala siyang kasinghalaga. <sup>16</sup>Nagbibigay-buhay na gamot ang matapat na kaibigan; at makatatagpo ng ganito ang may pitagan sa Panginoon. <sup>17</sup>Ang may pitagan sa Panginoon ay magkakaroon ng matapat na kaibigan, sapagkat kung ano ang tao ay gayundin ang kaibigan niya.

<sup>18</sup>Anak, tanggapin mo ang pagtuturo mula sa iyong kabataan at tatamuhin mo ang karunungan hanggang sa iyong katandaan. <sup>19</sup>Alagaan mo siya, na tulad ng nag-aararo at naghasik, at maaasam mo ang kanyang masasarap na bunga. Magpakapagod ka man nang kaunti sa paggawa ukol sa kanya, madali mong makakain ang kanyang mga bunga.

<sup>20</sup>Lubhang mailap ang karunungan sa walong pinag-aralan. Kaya di makatatagal ang mangmang. <sup>21</sup>Magiging para siyang isang pagbigat na madali nitong itatakwil.

<sup>22</sup>Karapatdapat nga ang karunungan sa kanyang pangalan at hindi nagpapakita sa balana.

<sup>23</sup>Makinig ka, anak, at tanggapin mo ang aking aral, huwag mong tanggihan ang aking payo.

<sup>24</sup>Ilagay mo sa iyong paa ang kanyang tanikala at ang kanyang pamatok sa iyong leeg. <sup>25</sup>Pasanin mo ang kanyang bigat at huwag kang mainis sa kanyang mga panggapos. <sup>26</sup>Lapitan mo siya nang buong puso at sundin mo ang kanyang daan nang abot-kaya. <sup>27</sup>Habulin mo siya, hanapin, at magpapakilala siya sa iyo; at kapag nasa iyo na siya, huwag mo na siyang pakawalan.

<sup>28</sup>Sapagkat matatagpuan mo sa kanya ang ginhawa at galak. <sup>29</sup>Magpapatatag sa iyo ang kanyang mga panggapos, at magiging maharlikang kasuotan mo ang kanyang damit na

• **6.5** Narito ang isang teksto tungkol sa tunay na pakikipagkaibigan. Inaanyayahan tayo ni Ben Sirac na huwag maging walang-muwang at di-handa. Kailangan muna tayong mag-isip bago magtapat sa isang kaibigan. Subalit hindi tayo mawawalan ng nagbibigay-buhay na gamot (b. 16) na tunay na kaibigan na biya-

yang kaloob ng Diyos sa mga maytakot sa kanya. Tingnan din ang 12:8-18 at 37:1-15.

6:18-37: Nakakamit ang karunungan sa pamamagitan ng disiplinadong pamumuhay.

7:15: Pinahalalagan ni Ben Sirac ang pagtatabaho sa kamay, lalo na ang pagbubukid.

panggawa. <sup>30</sup>Magiging palamuting ginto ang kanyang pamatok at tulad ng pamigkis na purpura ang kanyang pangapos. <sup>31</sup>Isuot mo siyang wari'y isang maharikang damit at ilalagay mo siya sa iyong ulo na parang isang maringal na korona.

<sup>32</sup>Kung ibig mo, anak ko, magiging dalubhasa ka. Kung pag-uukulan mo ng pansin, magiging matalino ka. <sup>33</sup>Kung handa kang makinig, matututo ka; kung ibabaling mo ang iyong tainga, magiging marunong ka.

<sup>34</sup>Magdadalo ka sa kapulungan ng matatanda at kung may isang marunong doon, maglalapit ka sa kanya. <sup>35</sup>Makinig kang mabuti sa lahat ng salita ng Diyos at huwag mong kaligtaan ang sinasabi ng marurunong.

<sup>36</sup>Kung makakita ka ng isang taong matalino, sundan mo siya mula sa pagbubukanliwayway at laging taluntunin ng mga paa mo ang landas patungo sa kanyang pintuan.

<sup>37</sup>Magdilidili ka sa mga utos ng Panginoon at magsanay kang malimit sa kanyang mga kautusan. Palalakasin niya ang iyong puso at ipagkakaloob sa iyo ang karunungan hinahangad mo.

**7** <sup>1</sup>Huwag kang gumawa ng masama at walang masamang darating sa iyo. <sup>2</sup>Humiwalay ka sa kasamaan at ito'y kusang lalayo sa iyo. <sup>3</sup>Anak ko, huwag kang maghasik sa mga tudling ng kawalang-katarungan pagkat baka anihin mo iyon nang makapito.

<sup>4</sup>Huwag kang humingi ng pangunahing puwesto sa Panginoon, ni ng marangal na luklukan sa hari.

<sup>5</sup>Huwag mag-anyong makatarungan sa harap ng Panginoon o marunong sa harap ng hari.

<sup>6</sup>Huwag mong hangarin ang tungkulin ng hukom, baka di mo kayang alisin ang kawalang-katarungan, baka paburan mo ang isang makapangyarihan at mawalan ka ng pagkamatwid.

<sup>7</sup>Huwag kang mamimintas sa kapulungan ng lunsod, at baka hiyain ka sa harap ng tao.

<sup>8</sup>Huwag mong ulitin ang iyong pagkakasala; sapat na ang minsan upang tumanggap ka ng parusa.

<sup>9</sup>Huwag mong sabihing: "Pahahalagahan ng Kataas-taasang Diyos ang dami ng aking mga handog at tatanggapin niya ako dahil sa pag-aalay na ito." <sup>10</sup>Magdasal ka nang buong taimtim at huwag mong kaligtaan ang paglilimos.

<sup>11</sup>Huwag mong pagtawanan ang taong namimighati, sapagkat may isang nagbababa at nagtataas.

<sup>12</sup>Huwag kang magsinungaling laban sa iyong kapatid; gayundin sa iyong kaibigan.

<sup>13</sup>Iwasan mo ang kahit anumang kasinungalingan sapagkat walang nagagawang kabutihan iyon.

<sup>14</sup>Huwag kang dumaldal sa kapulungan ng matatanda, ni magpaulit-ulit sa iyong panalangin.

<sup>15</sup>Huwag mong kasuklaman ang mahirap na gawain, ni ang pagbubungkal ng lupa na nilikha ng Kataas-taasan.

<sup>16</sup>Huwag makikisama sa mga makasalanan, alalahanin mong di mababalam ang poot ng Diyos. <sup>17</sup>Magsisi nang buong katapatan; parurusahan nga ang mga tampalasan sa apoy at mga uod.

<sup>18</sup>Huwag mong ipagpalit sa salapi ang iyong kaibigan, ni ang tunay na kapatid sa ginto ng Ofir.

<sup>19</sup>Huwag mong pag-atubilihang pakasalan ang isang matalino at mabait na babae, sapagkat higit pa sa ginto ang isang mabuting asawa. <sup>20</sup>Huwag pagmalupitan ang katulong na naglilingkod nang tapat, ni ang gumagawa nang buong sipag. <sup>21</sup>Mahalina mo ang matalinong alipin tulad ng iyong sarili at huwag ipag-kait ang kanyang kalayaan.

<sup>22</sup>Mayroon ka bang bakahan? Alagaan mo sila. Kung pinakikinabangan mo, ingatan mo sila.

<sup>23</sup>Mayroon ka bang mga anak? Turuan mo sila at sanayin na maging masunurin mulang pagkabata.

<sup>24</sup>Mayroon ka bang mga anak na babae? Pangalagaan mo ang kanilang pagkabirhen at huwag kang maging maluwa sa kanila.

<sup>25</sup>Mahalagang katuparan ang ipakasal mo ang iyong anak na babae, ngunit ipakasal mo siya sa isang marunong na lalaki.

<sup>26</sup>May asawa ka bang kanais-nais? Huwag mo siyang itatakwil. Hindi mo ba siya naiibigan? Huwag kang magtiwala sa kanya.

<sup>27</sup>Igalang mo nang buong puso ang iyong ama at huwag kalilimutan ang paghihirap ng iyong ina.

<sup>28</sup>Alalahanin mong sila ang nagluwal sa iyo. Paano mo sila gagantihan sa ginawa nila sa iyo?

<sup>29</sup>Igalang mo ang Panginoon nang buong kaluluwa at pagpitaganan ang kanyang mga pari.

<sup>30</sup>Mahalina mo ang Lumikha sa iyo nang buong lakas at huwag pabayaang ang kanyang mga lingkod.

<sup>31</sup>Pagpitaganan mo ang Panginoon at igalang mo ang pari. Ibigay mo ang nauukol sa kanya alinsunod sa ipinag-uutos: ang unang ani, ang handog para sa kasalanan, ang paypay ng mga biktima, ang mga banal na handog at ang mga unang bunga ng mga banal na bagay.

<sup>32</sup>Idukwang mo ang iyong kamay sa mahihirap upang ganap kang pagpalain.

<sup>33</sup>Maging magandang-loob sa lahat ng nabubuhay at huwag ding kalimutan ang mga patay.

<sup>34</sup>Huwag kang magkulang sa mga namimighati; magluksa kasama ng mga nagluluksa.

<sup>35</sup>Huwag kaligtaang dumalaw sa maysakit, sapagkat dahil dito'y mamahalin ka.

<sup>36</sup>Sa lahat ng gawain mo, alalahanin ang iyong huling hantungan at di ka magkakasala kailanman.

#### Kahinahunan at matinong pagpapasya

**8** <sup>1</sup>Huwag makipagtalo sa taong makapang-yarihan, baka ka mahulog sa kanyang mga kamay.

<sup>2</sup>Huwag kang makipag-away sa taong mayaman, baka ka matalo ng kanyang bigat. Sapagkat marami ang nadapa sa ginto at nahihikayat nito maging ang puso ng mga hari.

<sup>3</sup>Huwag makipagtalo sa taong madaldal; huwag magdagdag ng gatong sa kanyang apoy.

<sup>4</sup>Huwag makipagbiro sa taong walang pinag-aralan, baka hamakin pati ang iyong mga ninuno.

<sup>5</sup>Huwag mong hamakin ang nagsisisi sa kanyang mga kasalanan, alalahanin mong may utang tayong lahat.

<sup>6</sup>Huwag mong hamakin ang sinuman sa kanyang katandaan, sapagkat tatanda rin tayo.

<sup>7</sup>Huwag ikatuwa ang pagkamatay ng isang tao, alalahanin mo na mamamatay tayong lahat.

<sup>8</sup>Huwag kalimutan ang aral ng marurunong; isaisip mo ang kanilang mga kasabihan. Matutuhan mo sa kanila kung paano mamumuhay at maglilingkod sa mga dakila.

<sup>9</sup>Huwag isaisantabi ang mga aral ng matatanda sapagkat ang mga iyon ay natutuhan nila sa kanilang mga ninuno; matutuhan mo rin sa mga iyon ang pag-unawa at ang pagsagot sa angkop na pagkakataon.

<sup>10</sup>Huwag mong sindihan ang apoy ng makasalanan, baka matupok ka sa ningas niyon.

<sup>11</sup>Huwag makipagkagalit sa marahas na tao, baka pilipitin niya ang iyong mga sinabi upang ipahamak ka.

<sup>12</sup>Huwag magpahiram sa taong malakas pa kaysa iyo; kung nagpautang ka na, ituring mo iyong nawala.

<sup>13</sup>Huwag kang managot nang higit sa iyong

makakaya; kapag nanagot ka, humanda kang magbayad.

<sup>14</sup>Huwag makipaglapan ng usapin sa isang hukom, sapagkat ang hatol ay magiging pabor sa kanya.

<sup>15</sup>Huwag maglakbay na kasama ng taong pangahas, baka pasunurin ka niya sa kanyang gusto at kapwa ikapahamak niyo.

<sup>16</sup>Huwag makipagkagalit sa taong mainit ang ulo o sumama sa kanya sa ilang; walang kuwenta sa kanya ang pagdanak ng dugo at ikaw ang sasalakayin kung wala kang saklolo.

<sup>17</sup>Huwag sumangguni sa hangal; di niya maililhim ang iyong sinabi.

<sup>18</sup>Huwag mong ihayag ang anumang lihim sa harap ng di-kilalang tao; hindi mo alam kung ano ang gagawin niya.

<sup>19</sup>Huwag mong ibunyag kaninuman ang iyong mga lihim, hindi siya magpapasalamat sa ginawa mo.

#### Ang lalaki sa piling ng mga babae

**9** • <sup>1</sup>Huwag magselos sa iyong mahal na asawa; baka mo siya tuksuhing gumawa ng masama.

<sup>2</sup>Huwag mong isuko ang sarili sa sinumang babae upang di niya sakupin ang iyong pagkalalaki.

<sup>3</sup>Huwag kang lalapit sa babaeng bayaran, baka ka mahulog sa kanyang lambat.

<sup>4</sup>Huwag makitungo sa babaeng mang-aawit, baka ka mahuli sa kanyang bitag.

<sup>5</sup>Huwag kang pakatitig sa isang dalaga, baka ka parusahang kasama niya.

<sup>6</sup>Huwag mong ibigay ang iyong sarili sa mga babaeng bayaran, baka malustay ang iyong mana.

<sup>7</sup>Huwag kang magpalinga-linga sa mga lansangan, huwag kang magpagala-gala sa mga pook na ilang.

<sup>8</sup>Ilayo mo ang iyong mga mata sa babaeng kaakit-akit at huwag titigan ang magandang asawa ng iba. Sapagkat marami na ang nalihis dahil sa kagandahan ng babae; pinaglilingas niya ang pag-ibig na tulad ng apoy.

<sup>9</sup>Huwag tumabi sa isang babaeng may asawa o makipag-inuman sa kanya, baka bumaling sa kanya ang iyong puso at hilahin ka ng iyong damdamin patungo sa kapahamakan.

<sup>10</sup>Huwag mong iwan ang matandang kaibigan, sapagkat hindi siya matutumbasan ng bago.

• **9.1** Nabuhay si Ben Sirac sa isang lipunang humahamak sa kababaihan. Hindi nadiskubre sa ganitong lipunan ang yaman ng pagmamahalan ng mag-asawa, mas malakas ang mga tukso para sa kabataan

at matatandang lalaki na mas madaling nasisiyahan sa pansamantalang pagmamahal. Dahil dito, maraming babala si Ben Sirac laban sa pang-aakit ng mga babae. Tingnan ang 23:12 at 42:12.



Bagong alak, bagong kaibigan; bayaan silang tumanda, pagkaraan masisiyahan ka sa kanila.

<sup>11</sup> Huwag kainggitan ang tagumpay ng makasalanang, hindi mo pa alam ang kanyang kahihinatnan.

<sup>12</sup> Huwag malugod sa kinalulugdan ng mga tampalasan; alalahaning sila'y sasapitan ng paghatol hanggang sa lugar ng mga patay.

<sup>13</sup> Layuan mo ang taong may kapangyarihang pumatay at hindi ka na matatakot sa kamatayan. Subalit kung sasama ka sa kanya, pakaingatan mo at baka ka niya patayin; alalahaning mong ikaw ay nagdaraan sa mga bitag at nanunulay sa ibabaw ng pader.

<sup>14</sup> Hangga't maaari, makihalubilo ka sa kapwa at tumanggap ng payo sa marurunong.

<sup>15</sup> Makipag-usap sa mga taong matalino at sikapin mong unawain ang Batas ng Kataastaasan.

<sup>16</sup> Makisalo ka sa mga taong makatarungan; ipagkapuri mo ang pitagan sa Panginoon.

<sup>17</sup> Galing sa kamay ng manggagawa ang husay ng gawa; nasusubok naman ang karunungan ng pinuno sa kanyang mga pangungusap.

<sup>18</sup> Kinasusuklaman sa kanyang bayan ang taong madaldal; kinamumuhian ang dalahira.

**10** <sup>1</sup> Ipinaiilalim ng marunong na pinuno sa disiplina ang kanyang bayan; may kaayusan ang pamamahala ng matalinong tao.

<sup>2</sup> Kung ano ang puno ng bayan, gayundin ang kanyang mga lingkod; kung ano ang puno ng lunsod, gayundin ang mga naninirahan doon.

<sup>3</sup> Ipapahamak ng mangmang na hari ang kanyang bayan; uunlad ang lunsod sa karunungan ng mga namumuno roon.

<sup>4</sup> Nasa kamay ng Panginoon ang pamamahala sa lupain; sa tamang panahon niya itatanghal ang angkop na puno.

<sup>5</sup> Nasa kamay ng Panginoon ang tagumpay ng tao; siya ang nagbibigay sa mga pinuno ng kanyang sariling luwalhati.

#### **Pagpapahalaga sa sarili**

• <sup>6</sup> Huwag mong paghinanaktan ang iyong kapwa sa anumang di-makatarungang ginawa niya; at huwag mo siyang gagamitan ng dahas.

<sup>7</sup> Kinasusuklaman ng Diyos at ng tao ang kapalaluan; kapwa nila kinapopootan ang kawalang-katarungan.

<sup>8</sup> Nasasalin ang kapangyarihan ng isang bansa sa iba dahil sa kawalang-katarungan, karahasan at kayamanan.

<sup>9</sup> Paano makapagmamalaki ang taong alabok at abo lamang? Bulok na ang kanyang laman kahit siya'y buhay pa.

<sup>10</sup> Nagtatagal ang karamdaman kung hindi nababahala ang manggagamot; ang hari ngayon ay mamamatay bukas.

<sup>11</sup> Pag namatay ang tao, ang hantungan niya ay pagkabulok, mga insekto at uod.

<sup>12</sup> Ang simula ng kapalaluan ng tao ay ang pagtatakwil niya sa Panginoon at paghihimagsik laban sa Lumikha sa kanya.

<sup>13</sup> Kasalanan ang simula ng kapalaluan. Nagbibigay-daan sa kasuklam-suklam na bagay ang gumagawa ng kasalanan. Dahil dito, ipinapatay ng Panginoon ang mabigat na parusa sa mga makasalanang; ganap na ibinabagsak niya sila.

<sup>14</sup> Ibinagsak ng Panginoon ang mga trono ng mga prinsipe at iniluklok doon ang mga mapagpakumbaba.

<sup>15</sup> Binunot ng Panginoon ang ugat ng mga palalo at sa halip ay itanim ang mga mababang-loob.

<sup>16</sup> Winasak ng Panginoon ang lupain ng mga pagano hanggang sa mga pundasyon nito.

<sup>17</sup> Marami sa kanila ang nilipol niya at pinawi sa lupa ang kanilang alaala.

<sup>18</sup> Hindi nilikha ang kapalaluan para sa tao, ni ang matinding poot para sa mga isinilang ng babae.

<sup>19</sup> Anong lahi ang dapat parangalan? Ang sangkatauhan.

Anong lahi ang dapat parangalan? Ang mga may pitagan sa Panginoon.

Anong lahi ang kasuklam-suklam? Ang sangkatauhan.

Anong lahi ang kasuklam-suklam? Ang nagsisilabag sa kautusan.

<sup>20</sup> Iginagalang ng kanyang mga kapatid ang pinuno, ngunit siya ma'y gumagalang din sa mga may pitagan sa Panginoon. <sup>22</sup> Maging mayaman man sila, marangal o maralita, nasa pagpipitagan sa Panginoon ang kanilang kapurihan.

<sup>23</sup> Hindi marapat libakin ang mahirap na may pang-unawa; hindi nararapat na parangalan ang isang makasalanang.

<sup>24</sup> Karapat-dapat na parangalan ang maharlika, ang hukom at ang makapangyarihan, ngunit wala sa kanilang hihiigit na dakila kaysa taong may pitagan sa Panginoon.

<sup>25</sup> Paglilingkuran ng malalayang tao ang matalinong alipin, at hindi iyan tututulan ng taong may pang-unawa.

• **10.6** Ilang salita ng simpleng pilosopiya tungkol sa kababaang-loob na angkop sa tao.

<sup>26</sup>Huwag mong ipagmayabang ang anumang nagawa mo; at huwag magkunwaring makapagmamalaki ka sa mga panahon ng iyong pangangailangan.

<sup>27</sup>Higit na mabuti ang taong gumagawa at nabubuhay nang masagana kaysa hambog na kulang sa pagkain.

<sup>28</sup>Anak ko, maging matimpi ka sa pagpapahalaga sa sarili; sukatin mo ang sarili ayon sa tunay mong kahalagahan.

<sup>29</sup>Sino ang magtutuwid sa taong puminsala sa sarili? Sino ang gagalang sa taong nasusuklam sa sarili?

<sup>30</sup>Pinararangalan ang mahirap dahil sa kanyang karunungan at ang mayaman dahil sa kanyang kayamanan.

<sup>31</sup>Kung pinarangalan ang isang mahirap – gaano pa kaya kung siya’y mayaman!

Kung hinahamak ang isang mayaman – gaano pa kaya kung siya’y mahirap!

**11** <sup>1</sup>Taas-noo ang isang mahirap na matalino at maihananay siya sa mga dakila.

<sup>2</sup>Huwag mong hangaan ang lalaki dahil sa kanyang kakisigan at huwag hamakin ang tao dahil sa kanyang kapangitan.

<sup>3</sup>Maliit ang bubuyog sa mga lumilipad at katangi-tangi ang tamis ng kanyang pulot-pukyutan.

<sup>4</sup>Huwag kang magmarangya dahil sa iyong kasuotan; huwag magmataas kapag ikaw ay pinarangalan. Sapagkat kahanga-hanga ang mga gawa ng Panginoon at lingid sa mga tao.

<sup>5</sup>Maraming pinuno ang bumagsak at isang di-kilala ang naputungan ng korona.

<sup>6</sup>Maraming makapangyarihan ang nilapastangan at mga bantog na tao ang naibigay sa kamay ng iba.

<sup>7</sup>Huwag kang magbintang bago magsuri, magsuri ka muna at saka mamula.

<sup>8</sup>Makinig ka muna bago sumagot; huwag kang sumabad habang may nagsasalita.

<sup>9</sup>Huwag kang makialam sa bagay na wala kang kinalaman; huwag kang sumangkot sa alitan ng mga makasalanan.

<sup>10</sup>Anak ko, huwag kang magsikap sa maraming bagay. Kung napakarami mong gawain,

hindi ka mawawalan ng kapintasan; maghahabol ka man sa oras, hindi ka magtatagumpay, ni maliligtas sa pagtakas.

### Magtiwala ka sa Panginoon

• <sup>11</sup>May nagpapagal, nagsusumikap, at naghuhumaplit, ngunit kulang at kulang pa rin.

<sup>12</sup>May mahinang nangangailangan ng tunglong, may nagdarahop at dukhang-dukha, ngunit ang paningin ng Panginoon ay nakapako sa kanila nang buong paglingap. <sup>13</sup>Hahanguin sila ng Panginoon sa kanilang paghihirap, itataas ang kanilang ulo, bagay na ikamamangha ng mga tao.

<sup>14</sup>Galing sa Panginoon ang mabuti at masama, ang buhay at kamatayan, ang karukhaan at kayamanan.

<sup>17</sup>Inilalaan sa makatarungan ang kaloob ng Panginoon at pinapatnubayan sila magpakailanman ng kanyang kabutihan.

<sup>18</sup>May taong yumayaman dahil sa pagsisikap at pagtitipid, at iyon ang kanyang gantimpala: <sup>19</sup>Maliisip naman niya: “Magpapahinga na ako, mabubuhay na ako sa aking ari-arian,” ngunit hindi niya alam ang haharapin. Mamamatay siya at maiwan niya sa iba ang kanyang mga ari-arian.

<sup>20</sup>Maging matapat sa iyong tungkulin, magsikap na mabuti sa iyong buhay at magpakatanda sa iyong hanapbuhay.

<sup>21</sup>Huwag mabahala sa tagumpay ng mga makasalanan, ngunit magtiwala sa Diyos at magtiyaga sa iyong gawain. Madali sa Panginoon na biglang payamanin ang isang mahirap.

<sup>22</sup>Ang pagpapala ng Panginoon ang gantimpala ng makatarungan, at mamumulaklak iyon nang biglaan.

<sup>23</sup>Huwag mong sabihing: “Ano ang kailangan ko? Ano pa ang dapat hangarin?”

<sup>24</sup>Huwag mong sabihing: “Nasa akin na ang lahat kong kailangan, anong kasawian ang sasapit sa akin?”

<sup>25</sup>Sa mga araw ng kasaganaan, nalilimutan ang masama; at sa mga araw ng paghihikahos nalilimutan ang mabuti.

<sup>26</sup>Madali sa Panginoon ang gantimpalaan ang tao sa huling araw sa kanyang mga gawa.

• **11.11** Ang mga kaisipang ito ay hindi bago sa Biblia na sa bawat pahina’y nag-aanyaya sa ating manalig sa Diyos. Sinasabi na ni Ben Sirac ang matatagpuan natin sa mga labi ni Jesus, tungkol sa maliit na halaga ng kayamanan (tingnan ang Lc 12:16).

At sinasabi niyang: *Mahalín mo ang Tipan at ilaán dito ang iyong buhay.* Pagsunod sa Batas ang ibig sabihin ng Tipan. Magsasalita rin si Jesus tungkol sa

paghahanap sa Kaharian ng Diyos sa halip na pagkaabalahan ang kasiguraduhan ng hinaharap.

Pansinin ang katapusan ng tekstong ito. Sa aklat ni Sirac, gaya sa ilang bahagi ng aklat ni Job, sinasabing maaring hintayin ng Diyos ang kamatayan ng isang tao para gantimpalaan siya; pero hindi ipinagsasalanan ni Sirac na sabihin kung ano ang sunod na mangyayari: hindi pa nabubuo noon ang pananamalataya sa muling pagkabuhay.

<sup>27</sup>Nalilimutan ang kasiyahan sa maliit na kagipitan; sa pagkamatay ng tao naman ay nabubunyang ang kanyang mga ginawa.

<sup>28</sup>Huwag ituring na pinagpala ang sinuman bago siya mamatay; sa wakas lamang siya makikilala.

<sup>29</sup>Huwag patuluyin ang sinuman sa iyong tahanan, sapagkat marami ang mga tusong manlilinlang.

<sup>30</sup>Isang ibong pangati ang puso ng palalo; parang tiktik na nagmamatyag sa iyong pagbagsak.

<sup>31</sup>Pinasasama niya ang mabubuting bagay, nag-uumang siya ng mga bitag at pinipintasan maging ang magagaling na bagay.

<sup>32</sup>Nagpapaliyab ang siklab sa lahat ng uling; gayundin nag-aabang ang tampalasan upang magpadanak ng dugo.

<sup>33</sup>Mag-ingat sa tampalasan, nagbabalak siya ng masama; baka ikaw ang dungisan niya magpakailanman. <sup>34</sup>Patuluyin mo ang isang dikilala sa iyong tahanan at guguluhin ka niya, ilalayo ka niya sa iyong mga kasambahay.

**12** <sup>1</sup>Kung gagawa ka ng kabutihan, alamin mo kung kanino mo gagawin iyon at pakikinabangan mo ang iyong kagandahang-loob.

<sup>2</sup>Gumawa ka ng mabuti sa taong maka-Diyos at tatanggap ka ng gantimpala, kung hindi man sa kanya ay sa Kataas-taasan.

<sup>3</sup>Walang pakinabang ang gumawa ng mabuti sa nakagumon sa kasamaan; walang kawanggawa ryan. <sup>4</sup>Magbigay ka sa taong maka-Diyos at huwag tumulong sa makasalanan; <sup>5</sup>gawan mo ng mabuti ang mababang-loob, huwag ang lumalabag sa Batas; pagkaitan mo siya ng pagkain, huwag bigyan ni anuman, baka siya maging malakas pa kaysa iyo. Susuklian ka niya ng ibayong kasamaan sa lahat ng kabutihang nagawa mo sa kanya. <sup>6</sup>Kinasusuklaman nga ng Kataas-taasan ang mga makasalanan at igagawad niya ang kanyang paghihiganti sa mga lumalabag sa Batas.

<sup>7</sup>Magbigay sa mabubuting tao ngunit huwag tumulong sa makasalanan.

<sup>8</sup>Hindi nagiging kaaway ang kaibigan sa panahon ng kasaganaan; hindi nalilingid ang kaway sa panahon ng kahirapan.

<sup>9</sup>Kapag umuunlad ang isang tao, naninimdim ang kanyang mga kaaway; kapag nagdaranas siya ng hirap, lumalayo pati ang kanyang kaibigan.

<sup>10</sup>Kailanman ay di dapat magtiwala sa isang kaaway, sapagkat ang kanyang kasamaan ay tulad ng tansong balot ng kalawang.

<sup>11</sup>Kahit siya'y magpakumbaba at maglakad na nakatungo, mag-ingat ka at maging handa sa kanya. Sa pagpapakintab mo ng isang salaming-tanso, alam mo na hindi mananatili ang kalawang hanggang sa huli.

<sup>12</sup>Huwag mo siyang bayaang malapit sa iyo; baka ibagsak ka niya at kunin ang iyong puwesto. Huwag mo siyang paupuin sa iyong kanan, baka agawin niya ang iyong luklukan, at sa dakong huli'y mauunawaan mo ang aking mga pangungusap at pagsisisihan mo ang di pakikinig sa aking payo.

<sup>13</sup>Sino ba ang maaawa sa tawak na natuklaw ng ahas o sa mga taong lumalapit sa mababangis na hayop? <sup>14</sup>Kagaya rin ng taong nakikisalamuha sa makasalanan at natagpuan ang sariling kasangkot sa mga kabuktutan nito. <sup>15</sup>Hindi niya ibinubunyang ang sarili habang nakatayo ka, ngunit hindi na siya makapagpigil kapag nadulas ka.

<sup>16</sup>Matamis ang nasa mga labi ng kaaway ngunit nasa puso niya ang pakanang ibulid ka sa hukay. Lumuluha ang kaaway, pero pag nakakita ng pagkakataon, kulang pa ang dugo mo sa kanya.

<sup>17</sup>Kapag dinatnan ka ng sakuna, nasa harapan mo agad siya at magkukunwaring tutulong sa iyo, ngunit patatamaan niya ang iyong sakong. <sup>18</sup>Lilibakin ka niya at ipapalampak ang mga kamay, labis na bubulung-bulong at magbabago ang kanyang mukha.

### Mag-ingat sa mga dakila

**13** <sup>1</sup>Madudungisan ang humihipo ng alkitran; matutulad sa taong mayabang ang nakikisalamuha dito.

<sup>2</sup>Huwag kang magpapasan ng mabigat; huwag makipagkaibigan sa isang mas malakas at mayaman kaysa sa iyo. Bakit ilalapat ang palayok sa isang kawali? Pag nagkasalpuhan, mababasag ang isa.

• **13.1** Isang paanyaya ang mahabang talatang ito na huwag hangarin na 'yong mga nasa itaas ang makasama. Kalimitan, ang "mayaman", o ang nasa itaas ay di maka-Diyos at walang konsiyensiya. Binibigyang-diin ng sumulat ang mga panganib:  
– sinasamantala ng nasa itaas ang naghahangad

maging malapit sa kanya;

– para maging kaibigan ng mayaman, kailangang tumanggap ng maraming kahihyan at kalimutan ang sariling dangal;

– Sa pakikisama natin sa mayaman, magagaya rin natin ang kanilang mga kamalian.

<sup>3</sup>Pag nagkamali ang mayaman, siya pa ang nananakot; pag hiniya ang taong dukha, siya pa ang humihingi ng kapatawaran.

<sup>4</sup>Magsasamantala siya sa iyo habang ikaw ay pinakikinabangan niya; at iiwan ka niya kung wala nang natitira sa iyo.

<sup>5</sup>Makikisama siya sa iyo habang mayroon ka; uubusan ka niya nang walang pakundangan.

<sup>6</sup>Kung kailangan ka niya, dadayain ka niya, ngingitian ka at pasisiglahin; kaka-usapin nang malumanay at sasabihin: “Ano ang kailangan mo?”

<sup>7</sup>Makakakita ka ng kanilang mga handa hanggang masimot niya ang lahat ng iyong ari-arian at sa dakong huli pagtatawanan ka niya. Pagkaraan, sa pagkakita niya sa iyo, iiwanan ka lang at lilibakin pa.

<sup>8</sup>Ingatan mong madaya ka at mapahiya dahil sa iyong kahangalan.

<sup>9</sup>Kung maaanyayahan ka ng isang makapangyarihang tao, magpatumpik-tumpik ka at ikaw ay lalo niyang tatawagin.

<sup>10</sup>Huwag kang magmadali at baka pa-urungin; huwag ka namang pakalayo at baka malimutan.

<sup>11</sup>Huwag kang makipag-usap sa kanya nang maluwag o magtiwala sa kanyang maraming salita. Sinusubok ka lamang niya sa ganitong pananalita at kinikilatis ang iyong pagkatao.

<sup>12</sup>Walang awang uulitin niya ang iyong mga sinabi, at di ka makaliligtas sa mga dagok o tanikala. <sup>13</sup>Mag-ingat ka at magmatyag na mabuti sapagkat ikaw ay lumalakad na kasama ang sariling katitisan.

<sup>15</sup>Minamahal ng bawat nilalang ang kanyang kauri, ng bawat tao ang kanyang kapwa.

<sup>16</sup>Bawat hayop ay sumasama sa kanyang kauri, at ang tao sa kanyang katulad.

<sup>17</sup>Sasama ba ang lobo sa tupa? Gayun-

din ang makasalanan at maka-Diyos na tao. <sup>18</sup>Anong uri ng kapayapaan ang mamamagitan sa hiyena at aso? Anong kapayapaan ang mamamagitan sa mayaman at dukha?

<sup>19</sup>Biktima ng leon sa ilang ang mailap na asno; gayundin naman, nilalapa ng mayayaman ang mga dukha.

<sup>20</sup>Kinamumuhian ng mayabang ang kababaang-loob; kinasusuklaman naman ng mayaman ang mahirap.

<sup>21</sup>Pinatatatag ng mga kaibigan ang umuurong na mayaman, ngunit kapag nabuwal ang mahirap ay iniwan siya ng kanyang mga kaibigan.

<sup>22</sup>Kapag natitisod ang mayaman, marami ang tumutulong sa kanya; kung nagsasalita siya nang walang katuturan, pinupuri siya. Kapag nagkamali ang mahirap, pinipintasan siya; kapag nagsalita siya ng matino, walang pumapansin sa kanya.

<sup>23</sup>Kung mayaman ang nagsasalita, lahat ay tahimik at abot-langit ang papuri. Kapag nagsalita ang mahirap, ang tanong ng tao: “Sino ito?” At kung siya’y madulas, ipagtutulakan pa siya.

<sup>24</sup>Mabuti ang kayamanang hindi galing sa kasamaan, at masama ang karukhang bunga ng kawalan ng Diyos.

#### **Tamasahin ang buhay nang walang kasakiman**

<sup>25</sup>Ang puso ng tao ay nababakas sa kanyang mukha, sa mabuti o sa masama.

<sup>26</sup>Tanda ng nasisiyahang puso ang masayang mukha. Nakakatagpo ng mga salita ng karunungan ang nagninilay sa pagdurusa.

**14** <sup>1</sup>Mapalad ang taong hindi nagkakasala sa pagsasalita at walang dapat ikabagabag o ikalungkot sa pagkakamali.

<sup>2</sup>Mapalad ang taong walang isusumbat ang sariling budhi at hindi nakalilimot sa mabuting mithiin.

<sup>3</sup>Di marapat ang yaman sa taong kuripot; bakit mo bibigyan ng kayamanan ang sakim?

<sup>4</sup>Nagtitipon ng salapi para sa iba ang nagkakait sa sarili: iba lamang ang magpapasasa sa kanyang kayamanan.

<sup>5</sup> Kung maramot siya sa kanyang sarili, kaniño pa kaya siya magmamagandang-loob? Ni hindi niya kinalulugdan ang sariling kayamanan.

<sup>6</sup> Pinakamasama sa lahat ng maramot ang nagmamaramot sa kanyang sarili, at ito ang kaparusahan sa kanyang kasamaan.

<sup>7</sup> Makagawa man siya ng mabuti sa kanyang pagkakamali, malalantad din ang kanyang kasamaan sa dakong huli.

<sup>8</sup> Masama ang masakim na taong tumatangging tumingin sa pangangailangan ng iba at nanghahawak ng kapwa.

<sup>9</sup> Di nasisiyahan sa kanyang bahagi ang mapaghangad na tao; nagpapalanta ng puso ang kawalang-katarungan.

<sup>10</sup> Nang-aagaw ng tinapay ang masakim, ngunit nasa kanyang hapag pa ang pagkagutom.

<sup>11</sup> Anak, gamitin mong mabuti ang nasa iyo, at mag-alay ka ng marapat na handog sa Panginoon.

<sup>12</sup> Alalahanin mong hindi mababalam ang kamatayan, at hindi pa nahahayag sa iyo ang oras mo.

<sup>13</sup> Maging mabuti ka sa iyong kaibigan bago ka mamatay at maging mapagbigay sa kanya sa abot ng iyong makakaya.

<sup>14</sup> Huwag mong palampasin ang maliligayang araw at huwag tanggihan ang matuwid na kasiyahanng sasapit sa iyo.

<sup>15</sup> Hindi ba maiiwan lamang sa iba ang bunga ng iyong pagpapagod, hindi ba babahagihin ito sa pamamagitan ng sapalaran?

<sup>16</sup> Magbigay ka at tumanggap at magpaginhawa, sapagkat walang matatagpuang kaligayahan sa daigdig sa ilalim.

<sup>17</sup> Tumatanda ang tanang nilalang na gaya ng kasuotan. Ito ang batas magpakailanman: "Ikaw ay mamamatay."

<sup>18</sup> Katulad ng luntiang mga dahon sa mayabong na puno: may tumutubo at may nalalagas, gayundin ang mga salinlahi ng laman at dugo: may namamatay at may isinisilang. <sup>19</sup> Maglalaho ang lahat ng nabubulok na bagay at kasama ang gumawa sa kanila.

### Mapalad ang taong naghahanap sa karunungan

<sup>20</sup> Mapalad ang nagninilay sa karunungan at nagsasanay sa kaalaman nito.

<sup>21</sup> Iniisip-isip niya ang mga daan ng ka-

runungan at isinasalob ang mga lihim nito. <sup>22</sup> Hinahabol niya ito at inaabangan sa daraanan. <sup>23</sup> Sumisilip siya sa mga bintana at nakikinig sa mga pinto nito. <sup>24</sup> Humihimpil siya sa tabi ng bahay nito at ibinabaon niya sa tabi ng pader ang mga tulos ng kanyang tolda.

<sup>25</sup> Ipinauubaya niya ang kanyang tolda sa kamay ng karunungan, at maligaya siya sa pakikisuno rito. <sup>26</sup> Inilalagay niya ang kanyang pugad sa lilim nito at sumisilong sa ilalim ng mga sanga nito. <sup>27</sup> Ikinakanlong siya sa init at nananahan sa kaluwalhatian ng karunungan.

**15** <sup>1</sup> Ganyan ang may pitagan sa Panginoon. Magtatamo ng karunungan ang umaangkin sa Batas. <sup>2</sup> Sasalubungin siya ng karunungan na parang isang ina, at tatanggapin siyang tulad ng isang dalagang ikakasal; <sup>3</sup> Pakakanin siya ng tinapay ng pagka-unawa at bibigyan ng maiinom na tubig ng karunungan. <sup>4</sup> Siya'y magtitiwala sa karunungan at di mag-aatubili; siya'y sasandig sa karunungan at di mabubuwal.

<sup>5</sup> Itatampok siya ng karunungan nang higit sa kanyang mga kaibigan at magagawa niyang magsalita sa buong kapulungan. <sup>6</sup> Matatagpuan niya ang kaligayahan at kagalakan. Mamanahin niya ang walang hanggang pangalan.

<sup>7</sup> Hindi maaabot ng mga hangal ang karunungan at di siya makikita ng mga makasalanan. <sup>8</sup> Malayo siya sa kapalaluan, at hindi siya magugunita ng mga sinungaling.

<sup>9</sup> Di marapat ang papuri sa mga labi ng makasalanan sapagkat hindi galing sa Panginoon. <sup>10</sup> Marapat ang papuring may taglay na karunungan at itinutuwid ng Panginoon.

### Nilikha tayong malaya at may pananagutan

• <sup>11</sup> Huwag sabihin: "Diyos ang may gawa sa

• **15.11** Malinaw na ipinahahayag ng tulang ito ang kalayaan at responsabilidad ng tao. Gugunitain ni Jaime sa kanyang sulat (1:13), ang unang pangungu-

sap ng talatang ito. Sa Dt 30:15-20, sinasabi na ni Moises sa kanyang bayan: "Nasa harap mo ang buhay at kamatayan; pumili ka."

pagkaligaw ko.” Hindi ginagawa ng Diyos ang kanyang ikinapopoot.

<sup>12</sup>Huwag sabihin: “Siya ang naglihis sa akin,” sapagkat walang silbi sa kanya na malihis ang makasalanan. <sup>13</sup>Kinasusuklaman ng Panginoon ang kahit anumang kasamaan, at gayundin ng may pitagan sa kanya.

<sup>14</sup>Siya ang lumalang ng tao sa simula pa, at ipinaubaya niya ito sa sariling budhi. <sup>15</sup>Kung gusto mo, masusunod mo ang mga utos at nasa iyong kapangyarihan ang manatiling tapat.

<sup>16</sup>Naglagay siya ng apoy at tubig sa iyong harap; abutin mo kung anuman ang iyong pipiliin.

<sup>17</sup>Nasa harap ng tao ang buhay at kamataan: ibibigay sa kanya anuman ang piliin.

<sup>18</sup>Tunay na kahanga-hanga ang karunungan ng Panginoon! Siya’y makapangyarihan at nakikita niya ang lahat.

<sup>19</sup>Nakapako ang kanyang mga mata sa mga may pitagan sa kanya. Alam niya ang lahat ng gawa ng tao.

<sup>20</sup>Wala siyang inutusang huwag manampalataya sa kanya at wala siyang binigyan ng pahintulot na magkasala.

#### Walang kaligayahan ang masama

**16** <sup>1</sup>Huwag maghangad ng maraming walang saysay na anak, at huwag ikagalak ang walang budhing mga anak.

<sup>2</sup>Kung marami kang anak, huwag magalak kung wala silang pitagan sa Diyos.

<sup>3</sup>Huwag sumandig sa kanilang buhay o manalig sa kanilang bilang, sapagkat higit na mabuti ang isa kaysa sanlibo at mabuti pa ang mamatay na walang anak kaysa may anak na lumalabag sa Batas.

<sup>4</sup>Magiging isang bayan ang isang taong matalino at malilipol naman ang tribu ng mga tampalasan sa lunsod.

<sup>5</sup>Nakita ng aking mata ang ganitong mga bagay at narinig ng aking tainga ang higit pang kahanga-hanga.

<sup>6</sup>Sumisiklab ang apoy sa kapulungan ng mga makasalanan; nagliliyab ang galit sa rebeldeng bayan.

<sup>7</sup>Hindi pinatawad ng Diyos ang mga higante noong una na nagsipaghimagsik dahil sa kanilang lakas.

<sup>8</sup>Hindi niya iniligtas ang bayan na tinitirhan ni

Lot; kinasuklaman niya ang kanilang kapalaluan.

<sup>9</sup>Hindi niya kinahabagan ang bayang wasakin; nalipol silang isinumpa sa kanilang mga pagkakasala.

<sup>10</sup>Hindi rin niya kinahabagan ang animnaraang libong lakad na taong nagsipaghimagsik nang may matigas na puso.

<sup>11</sup>Kahit na isa lamang ang taong sutil, kamangha-mangha pa rin kung hindi siya maparusahan; sapagkat nasa Panginoon kapwa ang awa at ang galit; mayroon siyang kapangyarihang magpatawad at magparusa.

<sup>12</sup>Sinlaki ng kanyang awa ang kanyang kahigpitan at hinahatulan niya ang tao sa kanilang mga gawa.

<sup>13</sup>Hindi makaliligtas ang makasalanan, kasama ang kanyang mga sinamsam; gagantimpalaan ang pag-asa ng taong maka-Diyos.

<sup>14</sup>May gantimpala ang gumagawa ng mabuti. Bawat isa ay tatanggap ayon sa kanyang gawa.

<sup>17</sup>Huwag sabihin: “Magtatago ako sa Panginoon; sino ang makakaalala sa akin sa itaas? Hindi ako makikilala sa gitna ng karamihan. Sino ako sa laki ng sangkinapal?”

<sup>18</sup>Masdan: Mayayanig ang langit at ang sangkalangitan, ang dagat at ang lupa sa kanyang pagdating. <sup>19</sup>Sa isang tingin lamang niya ay malilipos ng pangamba ang mga bundok kasama ang mga pundasyon ng lupa.

<sup>20</sup>Ngunit wala sinumang nababahala sa ganang mga bagay. Sino ang umiintindi sa mga gawa ng Diyos?

<sup>21</sup>Lihim ang karamihan sa kanyang mga gawa, gaya ng unos na di nakikita ng tao.

<sup>22</sup>Sino ang magpapaliwanag kung paano isinasagawa ng Diyos ang katarungan? Sino ang umaasa? Ang Tipan ay napakalayo.

<sup>23</sup>Ganyan ang iniisip ng taong makitid ang bait, ng hangal, ng talipandas na nagmamahal sa kanyang mga guniguni.

<sup>24</sup>Dinggin mo ako, anak: tamuhin ang kaalaman at isapuso ang aking mga salita. <sup>25</sup>Isa-isa ko itong ipapaliwanag upang matutuhan mong mabuti.

#### Ang Diyos na lumikha

• <sup>26</sup>Nilalang ng Diyos ang kanyang mga gawa buhat pa ng una, at sa paglikha

Kung minsan, para bang sinasabi ng Biblia na ang Diyos ang nagbubunsod sa tao na magkasala upang maparusahan niya ito (tingnan ang Ex 10:27; 2 S 24:1); subalit walang dudang malaya ang tao. Totoong kumbinsido ang mga Israelita na walang nagaganap na wala ang Diyos kaya nahirapan silang maipaliwanag

kung paanong nagkakasala ang tao gayong hindi ito kagustuhan ng Diyos. Pero kahit kulang sila ng salita para maipahayag ito, lagi pa rin nilang itinuturing na ang tao ay may pananagutan sa kanyang mga gawa.

• **16.26.** Narito ang isang optimistang pananaw

ay itinakda niya ang lugar ng bawat isa.  
<sup>27</sup>Inayos niya sila para sa lahat ng panahon: ang pagsisimula at pagpapatulo. Hindi sila magugutom ni mapapagod man, hindi titigil sa kanilang gawain.  
<sup>28</sup>Hindi sila magkakabanggaan, hindi suway kailanman sa kanyang utos.

<sup>29</sup>Pagkatapos, pinagmasdan ng Panginoon ang lupa at pinuno iyon ng kanyang mga biyaya. <sup>30</sup>Tinakpan niya ang mukha ng lupa ng lahat ng buhay na nilalang na sa lupa rin babalik.

**17** <sup>1</sup>Nilikha ng Panginoon ang tao mula sa lupa at sa lupa magbabalik. <sup>2</sup>Binigyan niya ng takdang panahon at bilang ng araw, pinagkalooban ng kapangyarihan sa lahat ng bagay sa lupa. <sup>3</sup>Binigyan niya ng lakas na tulad ng sa kanya, ginawang kawangis niya ang tao.

<sup>4</sup>Inilagay niya sa lahat ng may buhay ang takot sa tao, upang makapaghari siya sa mga hayop at ibon. <sup>6</sup>Pinagkalooban niya ang tao ng karunungan (budhi), dila at mata, tainga at isip na nakauunawa.

<sup>7</sup>Pinuspos sila ng karunungan at kaalaman. Itinuro niya sa kanila ang mabuti at masama. <sup>8</sup>Inilagay niya ang kanyang ilaw sa kanilang puso upang maunawaan nila ang kadakilaan ng kanyang mga gawa. <sup>10</sup>Papupurihan nila ang kanyang banal na Pangalan at ihahayag ang dingal ng kanyang mga likha.

<sup>11</sup>Binigyan pa rin niya sila ng aral at ipinagkaloob sa kanila ang Batas ng buhay. <sup>12</sup>Itinatag niya ang isang walang hanggang tipan at ipinaalam sa kanila ang kanyang mga utos.

<sup>13</sup>Nakita ng tao ang ningning ng Kaluwalhatian ng Diyos, narinig ang maluwalhati niyang tinig. <sup>14</sup>Sinabi niya sa kanila: "Mag-ingat kayo sa lahat ng masama," at inutusan niya ang bawat isa sa kanila tungkol sa kanilang kapwa.

<sup>15</sup>Laging nasa harap ng Panginoon ang kanilang mga kilos; walang malilingid sa kanyang paningin.

<sup>17</sup>Naglagay siya ng mamumuno sa bawat bansa, ngunit ang Israel ay sariling bahagi ng Panginoon.

<sup>19</sup>Sinliwanag ng araw sa kanya ang lahat nilang ginagawa; lagi niyang minamasdan ang kanilang mga daan.

<sup>20</sup>Hindi nalilingid sa kanya ang kanilang mga kasamaan; nasa harap ng Panginoon ang lahat ng kanilang pagkakasala.

<sup>22</sup>Pinahahalagahan niya ang kawanggawa ng tao na tulad ng isang napakamahal na singsing. Minahal niya ang kabutihang-loob na parang sulo ng kanyang mata.

<sup>23</sup>Balang araw ay babangon siya. Gagantihan niya sila, ilalagay ang gantimpala sa kanilang ulo.

<sup>24</sup>Pinapagbabalik-loob niya ang mga nagsisisi; inaaliw niya ang nangawawalan ng pag-asa.

<sup>25</sup>Manumbalik ka sa Panginoon at itakwil mo ang iyong mga kasalanan. Dumalangin ka sa kanya at bawasan mo ang iyong mga pagkakasala.

<sup>26</sup>Magbalik-loob ka sa Kataas-taasan, talikdan mo ang masamang gawa at lubos na kasuklaman ang kasamaan.

<sup>27</sup>Sinong nasa libingan ang magpupuri sa Kataas-taasan kung hindi siya niluluwalhati ng mga nabubuhay?

<sup>28</sup>Walang maaasahang papuri mula sa patay na parang hindi nabuhay; siya na may buhay at kalusugan ang makapagpupuri sa Panginoon.

<sup>29</sup>Anong laki ng awa ng Panginoon at pagpapatawad ng Panginoon para sa mga nagbabalik-loob sa kanya!

<sup>30</sup>Hindi nakakamit ng tao ang lahat sapagkat siya ay may kamatayan.

<sup>31</sup>Mayroon bang mas maningning pa kaysa araw? Ngunit ito man ay naglalaho rin. Ang tao ay laman at dugo lamang, ngunit nagpapakana ng kasamaan. <sup>32</sup>Samantalang sinusubaybayan ng araw ang mga bituin sa mataas na langit, lahat ng tao ay nananatili namang alabok at abo.

#### Ang kadakilaan ng Diyos

**18** <sup>1</sup>Ang nabubuhay nang walang hanggan ay siyang lumikha ng buong santinapan. <sup>2</sup>Ang Panginoon lamang ang matatagpuan ng makatarungan.

<sup>4</sup>Walang maaaring makapagpahayag sa kanyang mga gawa; sino ba ang makaaarok sa kanyang mga kababalaghan?

<sup>5</sup>Sino ang makasusukat sa malakas na kapangyarihan niya at makapagsasalaysay ng kanyang dakilang kabutihan?

<sup>6</sup>Walang maaaring idagdag o bawasan dito;

walang sinumang makatatarok sa mga kabalaghan ng Panginoon.

<sup>7</sup> Kung iniisip ng tao na nakatapos na siya, nagsisimula pa lamang siya; at kung siya'y matitigil, malilito siya sa lahat ng ito.

<sup>8</sup> Ano ba ang tao? Ano ang kanyang katuran? Ano ang mabuti at masama sa kanya?

<sup>9</sup> Sukatin ang buhay ng tao: mahaba na ang sandaang taon. <sup>10</sup> Katulad ng patak ng tubig sa dagat, ng butil ng buhangin – gayon kaikli ang kanyang mga taon kung ihahambing sa kawalang-hanggan.

<sup>11</sup> Sa ganitong dahilan, pinagpapaumanhingan ng Panginoon ang tao at ibinubuhos sa kanila ang kanyang awa.

<sup>12</sup> Nakikita at nakikilala niya na kalunus-lunos ang kanilang wakas kaya niya dinaragdagan ang pagpapatawad sa kanila.

<sup>13</sup> Kinanaawaan ng tao ang kanyang kapwa; kinanaawaan naman ng Panginoon ang lahat ng nilalang; katulad ng isang pastol, siya'y nagbabawal, nagtutuwid, nagtuturo at nag-aakay sa kawan. <sup>14</sup> May awa siya sa mga tumatanggap ng pangaral at naghahanap sa kanyang kalooban.

<sup>15</sup> Anak, huwag maliitin ang iyong pinagkawangagaan o samahan ng masasaklap na salita ang iyong mga pagbibigay.

<sup>16</sup> Hindi ba pinalalamig ng hamog ang init? Gayundin naman, higit na mabuti ang magandang pananalita kaysa kaloob.

<sup>17</sup> Mas mahalaga nga ang pananalita kaysa kaloob, ngunit ang dalawang ito ay pinagsasama ng taong may magandang-loob.

<sup>18</sup> Gusto ng hangal na magbigay-lugod ngunit kasabay ng pang-iinsulto; ang ibinigay nang masama sa loob ay nagpapahapdi sa mata.

<sup>19</sup> Mag-aral ka muna bago magsalita; pangalagaan mo muna ang sarili bago ka magkasakit.

<sup>20</sup> Suriin ang iyong sarili bago dumating ang paghuhukom, at sa araw ng pagdalaw ng Diyos ay patatawarin ka.

<sup>21</sup> Magpakumbaba ka bago magkasakit, at magsisi ka kung may kasalanan.

<sup>22</sup> Huwag pabayaang may humadlang sa

pagtupad ng iyong panata sa tumpak na panahon. Huwag maghintay hanggang kamatayan bago ayusin ang mga bagay-bagay.

<sup>23</sup> Ihanda mo ang sarili bago mamanata at baka matulad ka sa taong nanunukso sa Panginoon.

<sup>24</sup> Alalahanin ang galit sa araw ng parusa; baka italikod ng Diyos sa iyo ang kanyang mukha.

<sup>25</sup> Sa pagdaranas mo ng kasaganaan, alalahanin ang mga araw ng kagutuman; sa pagtatamasa mo ng kayamanan, alalahanin ang karukhaan at paghihikahos.

<sup>26</sup> Umaga at gabi: nagdaraan ang panahon, mabilis na naglalaho ang lahat sa harap ng Panginoon.

<sup>27</sup> Laging maingat ang marunong: kapag lagap ang kasalanan, iniwasan niyang magkamali.

<sup>28</sup> Nakikilala ng may pang-unawa ang karunungan, at kinikilala rin niya ang nag-aangkin nito.

<sup>29</sup> Marurunong ang mga nagsasalita nang may katuturan, at dumadaloy mula sa kanila ang mga tamang kasabihan.

<sup>30</sup> Huwag kang patatangay sa iyong mga kahalingan; pigilin mo ang iyong mga pagnanasa. <sup>31</sup> Kapag nagpakabusog ka sa iyong kasakiman, pagtatawanan ka ng mga kaaway.

<sup>32</sup> Huwag kang masiyahan sa marangyang pamumuhay sapagkat pagbabayaran mo ang halaga nito.

<sup>33</sup> Kapag wala kang pera, huwag mong pamulubihin ang sarili sa paghahanda na ang gagastusin ay inutang.

**19** <sup>1</sup> Hindi yayaman ang lasing na manggagawa; unti-unting mauubusan ang nagpapabaya sa mumunting bagay.

<sup>2</sup> Naililigaw ang matitinong tao ng alak at babae; nawawalan ang pumapatol sa mga babaeng bayaran pati ng kahihayan. <sup>3</sup> Aariin siya ng kabulukan at mga uod at mawawalan ng buhay dahil sa kanyang kahangalan.

ng tao. Binigyan siya ng Diyos ng kapangyarihan sa lahat ng bagay sa lupa. Kaya hindi dapat pasailalim ang tao sa kasamaan.

*Ang kanyang ilaw*, na ibig sabi'y, ang konsiyensya at espiritu (tingnan ang Kasabihan 4:23) na nagbibigay-kakayahan sa atin na makilala ang gawa ng Diyos.

Hindi ang isip na nagpapaliwanag at nakikipagtalo ang pinakamahalaga sa tao kundi ang likas na hilig sa katotohanan na naghahanap pagkatapos ng mga dahilang magpapatunay dito. Pag kinalimutan natin ang likas na hilig na ito na nagbubunsod ng pangsiyen-

tipikong pananaliksik, lagi nating maaaring magamit ang katwiran ng ayaw tumanggap sa ebidensiya ng presensya ng Diyos sa sanlibutan.

Ito ang kakayahang galing sa Diyos na maghahatid sa tunay na karunungan.

Subalit kinailangang magpakilala ang Diyos sa tao upang ang kakayahang ito na marating ang katotohanan ay humantong sa matatag na kaalamang magbibigay-direksiyon sa buhay: sa bersikulo 11-14 tinutukoy ng may-akda ang regalong Batas ng buhay sa Israel sa pamamagitan ni Moises.



**Kailan dapat magsalita at kailan dapat manahimik?**

• <sup>4</sup> Ang kaisipang mababaw ay mada-ling maniwala sa kapwa; ang nagkakasala sa salita ay nagpapahamak sa sarili.

<sup>5</sup> Mahahatulan ang nalulugod sa kasa-maan; <sup>6</sup> maliligtas naman sa kasamaan ang namumuhi sa tsismisan.

<sup>7</sup> Huwag ikalat ang narinig mo at wa-lang mawawala sa iyo. <sup>8</sup> Huwag magsiwa-lat ng anuman sa kaibigan o kaaway; hu-wag magbunyag ng nalalaman, maliban sa kung kasalanan ang pananahimik. <sup>9</sup> Pakikinggan ka, hindi paniniwalaan, at sa huli'y kaiinisan.

<sup>10</sup> May nabalitaan ka ba? Sikilin mo iyon sa iyong sarili at magpakahinahon ka. Hindi ka niyon pasasambulat.

<sup>11</sup> Ang nakarinig na hangal ay nahihira-pang katulad ng babaeng nanganganak. <sup>12</sup> Parang palasong nakatusok sa kanyang hita – gayon ang lihim na kimkim ng isang hangal.

<sup>13</sup> Kausapin mo ang iyong kaibigan: maaaring wala siyang ginawang anuman; kung mayroon man, maaaring hindi na niya gawin pa uli.

<sup>14</sup> Kausapin mo ang iyong kapwa: ma-aaring wala siyang sinabi; kung mayroon, maaari namang hindi na niya ulitin. <sup>15</sup> Ka-usapin mo ang iyong kaibigan: madalas ay panirang-puri lamang iyon at di da-pat paniwalaan. <sup>16</sup> Malimit ding nadudulas ang dila, at sino ba ang di nagkamali sa pagsasalita? <sup>17</sup> Kausapin mo ang iyong kapwa bago mo pagbintangan; bigyan mo ng puwang ang Batas ng Kataas-taasan.

<sup>20</sup> Nasa pitagan sa Panginoon ang buong karunungan; at nasa lahat ng karunungan ang katuparan ng Batas.

<sup>22</sup> Hindi karunungan ang kaalaman sa kasa-

maan; at walang kahinahunan sa payo ng ma-kasalanan.

<sup>23</sup> May katalinuhang kasuklam-suklam; ito ang taglay ng tampalasang walang karunungan.

<sup>24</sup> Mabuti pang magkulang ng bait at mapuno ng pitagan sa Panginoon, kaysa maging matali-nong lumalabag sa Batas.

<sup>25</sup> May tusong katalinuhan na gumagawa ng kalikuan; ito ang pagkukunwari upang maka-gawa ng masama. <sup>26</sup> May naglalakad na yuko at malungkot ngunit puno ng daya sa puso; <sup>27</sup> nag-kukubli siya ng mukha at nagkukunwang bingi, at sasamantalain niya ang pagkalingat mo.

<sup>28</sup> Hindi pa siya nagkakasala dahil sa kawalan ng paraan, ngunit sa sandaling magkaroon ng pagkakataon ay gagawa siya ng masama.

<sup>29</sup> Makikilala ang tao sa kanyang anyo; ma-kikilala ang responsableng tao sa kanyang mukha.

<sup>30</sup> Ang pananamit ng tao, ang kanyang pag-tawa at paglakad ang nagpapahayag kung sino siya.

**Ang tanga at hangal**

**20** • <sup>1</sup> May pangaral na hindi napapana-hon; may taong kaya walang kibo ay marunong. <sup>2</sup> Mabuti pa ang magalit kaysa magkimkim ng sama ng loob. <sup>3</sup> Naliligtas sa kahirapan ang umaamin sa kanyang pagka-kamali.

<sup>4</sup> Parang lalaking kapon na naghahangad manggahasa ng babae – ganyan ang gumaga-mit ng dahas sa pagpapanggap na makatarun-gan.

<sup>5</sup> May walang imik na ipinapalagay na ma-runong, may madaldal naman na kinasusuk-laman.

<sup>6</sup> May walang imik na walang maisagot; may walang imik na naghihintay ng tamang pagka-kataon.

<sup>7</sup> Nananatiling walang imik ang marunong hanggang sa tamang panahon; napapaagang magsalita ang madaldal at ang hangal.

<sup>8</sup> Kapopootan ang masalita; kaiinisan ang naggigiit ng sarili.

<sup>9</sup> Magagawang pakinabangan ng isang tao ang kanyang mga kasawian; ang suwerte ay maaaring mauwi sa malas.

<sup>10</sup> May kagandahang-loob na hindi mo paki-kinabangan, at may iba namang magbibigay sa iyo ng ibayo.

• **19.4** Sa maraming bahagi ng aklat ng Eclesiastico o Sirac, at pati sa Mga Kasabihan, ipinakikita ng awtor na ang pagpipigil ng dila ay kinakailangan upang makapang-yari tayo sa ating sarili at sa ating kapalaran (Jaime 3).

• **20.1 20:1.** Dalawang kamaliang dapat iwasan: pagtutuwid na may galit, mauuwi ito sa pagmamalabis, at ang pagtatanim ng sama ng loob nang hindi inila-labas ang galit.

<sup>11</sup>May karangalang nauwi sa kadustaan; may mga abang magtataas ng ulo.

<sup>12</sup>Ang ila'y nakakabili ng marami sa kaunting halaga; ang iba'y nagbabayad ng makapitong ibayo ng tunay na halaga.

<sup>13</sup>Nagiging kalugud-lugod sa kanyang mga pananalita ang marunong, samantalang nawawala ang mga regalo ng hangal.

<sup>14</sup>Hindi mo pakikinabangan ang kaloob ng hangal; nagbibigay nga siya upang tumanggap.

<sup>15</sup>Magbibigay siya ng kaunti at maninisi nang marami; lagi siyang sumisigaw; nagpapautang siya ngayon at bukas ay maniningil na ng pa-utang; kasuklam-suklam siya.

<sup>16</sup>Sinasabi ng hangal: "Wala akong kaibigan, walang nagpapasalamat sa aking mga ibinibigay." <sup>17</sup>May masasamang dila ang nagsisikain ng aking tinapay." Madalas siyang nililibak ng marami!

<sup>18</sup>Mabuti pa ang madulas sa lupa kaysa madulas ang dila; ganito kadalang bumagsak ang tampalasan.

<sup>19</sup>Katulad ng isang magulong kuwento ang taong may magaspang na ugali. <sup>20</sup>Walang epekto ang kasabihang binigkas ng hangal sa-pagkat hindi sa angkop na pagkakataon.

<sup>21</sup>May taong hindi nagkakasala dahil hindi niya magawa; walang pakundangang magkakasala siya kung madali itong gawin.

<sup>22</sup>May taong nawawalan ng kaluluwa dahil sa maling kahihyan; napapariwara ang kanyang sarili dahil lamang sa takot na iisipin ng isang hangal. <sup>23</sup>Dala ng maling kahihyan, mangangako siya sa gusto niyang maging kaibigan; ngunit sa halip, ang matatamo niya ay isang kaaway.

<sup>24</sup>Nakahihiya ang pagsisinungaling; sanay na ryan ang hangal.

<sup>25</sup>Mabuti pa ang magnanakaw kaysa sinungaling, ngunit kapahamakan ang kapwa nila kahahantungan.

<sup>26</sup>Kasuklam-suklam ang kinaugalian nang pagsisinungaling; kahihyan lamang ang laging tinatamo ng sinungaling.

<sup>27</sup>Nagpapaunlad sa marunong ang kanyang mga salita; kalugud-lugod sa mga makapang-yarihan ang matalinong tao.

<sup>28</sup>Mag-aani nang sagana ang nagbubungkal ng lupa; pinatatawad sa kanyang kabuktutan ang nagbibigay-lugod sa mga dakila.

<sup>29</sup>Bumubulag sa mata ng marunong ang mga handog at kaloob; kahit sa may budhi, ang mga ito ay parang busal na nagpapatahimik.

<sup>30</sup>Karunungang nakatago at kayamanang di nakikita: ano ang pakinabang sa mga ito?

<sup>31</sup>Mas maigi pa ang taong nagtatago ng ka-

hangalan kaysa isang nagtatago ng karunungan.

**21** <sup>1</sup>Nagkasala ka na ba, anak? Huwag mo nang uulitin at humingi ka ng kapatawaran dahil sa mga nagawang kasalanan.

<sup>2</sup>Takasan mo ang kasalanan na parang ahas; kung lalapitan mo'y tutuklawin ka. Katulad ng sa leon ang mga ngipin nito at kumikitil ng kaluluwa ng tao.

<sup>3</sup>Lahat ng kasamaan ay tulad ng espadang magkabila'y talim; ang likha nitong sugat ay walang paggaling.

<sup>4</sup>Nagpapabagsak ng mga palasyo ang karahasan at kapalaluan, nagbubuwal ng bahay ng mayabang.

<sup>5</sup>Dinirinig ng Panginoon ang dalangin ng mahihirap, at di mababalam ang kanyang paghatol.

<sup>6</sup>Nasa landas ng makasalanan ang namumuhi sa pangaral; buong pusong nagsisisi ang may pitagan sa Panginoon.

<sup>7</sup>Kahit saan ay kilala ang madaldal; ngunit kilala rin ng taong marunong ang kanyang kahinaan.

<sup>8</sup>Nag-iipon ng mga bato sa kanyang sariling puntod ang nagpapagawa ng bahay sa salapi ng iba.

<sup>9</sup>Katulad ng bunton ng lubid ang pagsasama ng mga makasalanan: matutupok ito sa sunog at apoy.

<sup>10</sup>Makinis ang landas ng mga makasalanan, ngunit humahantong sa malalim na lugar.

<sup>11</sup>Nakapagpipigil sa sarili ang tumutupad sa Batas. Naghahatid sa karunungan ang pitagan sa Panginoon.

<sup>12</sup>Hindi matuturuan ang taong walang talino; ngunit may katalinuhang nagbubunga ng kapaitan.

<sup>13</sup>Lumalaking parang baha ang kaalaman ng marunong at parang isang bukal ang kanyang payo.

<sup>14</sup>Parang basong basag ang kalooban ng hangal: hindi masisidlan ng karunungan.

<sup>15</sup>Pag narinig ng matalino ang isang kasabihan ng marunong, minamahalaga niya ito at dinaragdagan pa. Pag narinig ng walang isip, kinaiinisan at itinatapon sa likuran.

<sup>16</sup>Simbigat ng pasanin ang pananalita ng hangal, samantalang ang mga salita ng marunong ay nagdudulot ng ginhawa.

<sup>17</sup>Pinananabikan ng kapulungan ang pangungusap ng marunong, isinasapuso ng bawat isa ang lahat niyang sinasabi.

<sup>18</sup>Tulad ng tahananang giba ang karunungan para sa isang hangal, di mawatasan ang kaalaman ng tanga.

**Ang tanga at hangal**

• <sup>19</sup> Sa walang isip, ang pag-aaral ay katulad lamang ng mga posas at tanikala.

<sup>20</sup> Matunog tumawa ang mangmang samantalang ang matalino ay tahimik na ngumingiti lamang.

<sup>21</sup> Tulad ng ginintuang hiyas sa marunong ang pag-aaral, at pulseras sa kanyang kanang kamay.

<sup>22</sup> Kaagad pumapasok sa ibang bahay ang hangal; hindi gayon kapangahas ang may pinag-aralan. <sup>23</sup> Ang hangal ay sumisilip sa loob ng bahay mula sa pintuan, ang taong magalang ay naghihintay sa labas. <sup>24</sup> Labag sa kagandahang-asal ang makinig sa kabila ng pinto; ang matuwid na tao ay nahihiyang gumawa ng ganito.

<sup>25</sup> Basta na lamang sinasabi ng tagalabas ang kahit ano; maingat namang tinitimbang ng marunong ang mga salita nito. <sup>26</sup> Nasa bibig ng mga hangal ang kanilang kaloob-looban ngunit kaloob-looban ng marurunong pati ang kanilang bibig.

<sup>27</sup> Kung isinumpa ng lumalabag sa Batas ang kanyang kalaban, ang kanyang sarili ang masusumpa. <sup>28</sup> Dinudungisan ng maninirang-puri ang kanyang sarili; kamumuhian siya ng kanyang sambayanan.

**22**

<sup>1</sup> Tulad ng narumihang bato ang taong tamad; pinagtatawanan ang kahihyan niya.

<sup>2</sup> Bunton ng dumi ang tamad, iwinawaksi ng lahat ng makahipo ang kanilang kamay.

<sup>3</sup> Kahihyan ng ama ang magkaroon ng walang disiplinang anak; kaaba-aba siya kung anak na babae.

<sup>4</sup> Kayamanan ng kanyang asawa ang mahinahong anak na babae; pasanin ng kanyang ama naman ang walang isip.

<sup>5</sup> Ikinahihiya ng ama at asawa ang lapastangang anak na babae; hahamakin siya ng dalawa.

<sup>6</sup> Katulad ng tugtugin sa isang libing ang di-

napapanahong pananalita; laging nagdudulot naman ng katarungan ang hagupit at pagsaway.

<sup>9</sup> Turuan mo ang hangal, bumuo ka ng basag na tapayan, gisingin mo ang natutulog nang mahimbing. <sup>10</sup> Kinakausap ng hangal ang taong inaantok; sa huli'y itatanong niya: "Ano ang nangyari?"

<sup>11</sup> Tangisan mo ang patay sapagkat lumayo na sa kanya ang liwanag, tangisan mo ang hangal sapagkat lumayo na siya sa kaalaman. Tangisan ang patay: nakatagpo na siya ng kapahingahan; ngunit masahol pa sa kamatayan ang buhay ng hangal.

<sup>12</sup> Nagtatagal ng pitong araw ang pagdadalamhati sa patay, ngunit ang hangal at walang pitagan sa Diyos ay ipinagdadalamhati sa buong buhay.

<sup>13</sup> Huwag mag-aksaya ng pananalita sa hangal o sumama sa tanga. Mag-ingat ka sa kanya, baka isangkot ka niya sa gulo at maramay ka sa kanyang mga kabulastugan. Iwasan mo siya kung nais mong matahimik at huwag kang pahinuhod sa kanyang mga hinihingi.

<sup>14</sup> Mayroon pa bang mas mabigat kaysa tinggâ? Mayroon, at ang pangalan niya ay Hangal.

<sup>15</sup> Ang buhangin, asin at bunton ng bakal ay mas madali pang dalhin kaysa isang hangal.

<sup>16</sup> Di matatanggal ng lindol ang matibay na haligi ng gusali; di matitinag ang nagtitikang puso, matapos ang marapat na pagninilaynilay.

<sup>17</sup> Ang kapasiyahang nakasalig sa taimtim na pagtitika ay mananatiling parang palitada sa isang matibay na pader.

<sup>18</sup> Hindi makatatagal sa hangin ang mga tulos na itinayo sa mataas na lugar; hindi makatatagal sa takot ang puso ng hangal na sinindak ng sariling guniguni.

<sup>19</sup> Ang sinurot na mata ay lalabasan ng luha; ang dinurong puso ay lalabasan ng damdamin.

<sup>20</sup> Ang namumukol ng bato ay nilalayuan ng mga ibon; ang nanghahamak ng kaibigan ay iniiwan nito.

<sup>21</sup> Kung napagbunutan mo ng patalim ang isang kaibigan, huwag masiraan ng loob, sapagkat ang patalim ay naisasalong; <sup>22</sup> kapag nakapagsalita ka ng masakit, huwag mag-aalaala, maaari pang bawiin ang sinabi mo; ngunit pag hinamak mo ang isang kaibigan, siniraan o pinagtaksilan, lalayuan ka niya.

<sup>23</sup> Kunin ang tiwala ng iyong kapwa kapag naghirap siya, at magtamasa kang kasama niya

• **21.19** Nakikita sa kagandahang-asal ng mga edukadong tao ang kadakilaan ng kanilang espiritu. Likas na nadidiskubre ng nagsasalooob ng karunungan ang mga

panuntunan ng mabuti at marangal na asal. Tulad ng sinasabi ni San Francisco de Sales: "*Ang pagkamagalang ay mahalagang bulaklak ng tunay na pag-ibig.*"

kapag siya'y yumaman; maging matapat sa sandali ng kanyang kagipitan at magmamana kang kasama niya.

<sup>24</sup>Nauuna ang usok at aso sa apoy; gayundin ang panlilibak, bago ang panghahambalos.

<sup>25</sup>Hindi ko ikahihiya ang pagtatanggol sa isang kaibigan ni pagtataguan ko siya; <sup>26</sup>kung sakaling may masamang mangyari sa akin nang dahil sa kanya, siya'y iiwasan ng lahat na makaaalam.

<sup>27</sup>Sino ang maglalagay ng busal sa aking bibig at mahigpit na maglalapat sa aking mga labi upang ako'y di-matisod at pinsalin ng aking dila?

**23** • <sup>1</sup>O Panginoon, Ama at may-ari ng aking buhay, huwag mo akong ipaubaya sa kapritso ng aking dila at baka ipahamak ako nito.

<sup>2</sup>Sino ang maghahagupit sa aking pag-iisip at magdidisiplina ng aking puso sa karunungan? Huwag pagbigyan ang aking mga pagkakamali ni pabayaang ang aking mga kasalanan, <sup>3</sup>at baka maragdagan ang aking mga pagkukulang, mag-iibayo ang aking mga pagkakasala at madapa ako sa harap ng aking mga kaaway, na ikagagalak ng aking mga kalaban.

<sup>4</sup>Panginoon, Ama at Diyos ng aking buhay, huwag mong ipahintulot na ako'y maging palalo. <sup>5</sup>Ilayo sa akin ang kasakiman. <sup>6</sup>Huwag akong ipaalipin sa kalibugan at mahalay.

<sup>7</sup>Mga anak, matutong magpigil ng inyong pananalita; kapag nagawa ninyo ito, hindi kayo mabibigla.

<sup>8</sup>Nahuhuli ang makasalanan sa sarili niyang mga labi; sa ganyan din napapahamak ang mayabang at mapanungyaw.

• **23.1** Panalangin ng kabataang nakakadiskubre sa kanyang kahinaan sa harap ng mga tukso ng buhay. Panalangin ng matandang nakaranas kung gaano nakaugat ang kasamaan sa kanyang puso. Paanyaya sa mga magulang na pag-abalahan ang edukasyon ng kanilang mga anak.

Ang kasalanan ng dila (o ng mga labi) ay nangangahulugan, una sa lahat, ng mayayabang na salita o palalong mga proyekto. Lagi itong pinagmumulan ng iba pang mga kasalanan.

- 12. Nangungusap si Ben Sirac tungkol sa tradis-

<sup>9</sup>Huwag mamihasa sa panunumpa at pagdawit sa pangalan ng Tanging Banal.

<sup>10</sup>Hindi makaliligtas nang walang hagupit ang aliping madalas matyagan; gayundin hindi mawalan ng pagkakasala ang madalas na manumpa at bumanggit sa pangalan ng Diyos.

<sup>11</sup>Ang taong madalas sumumpa ay mata-tagpuang lipos ng pagkakasala at di lalayo ang salot sa kanyang sambahayan. Kapag hindi siya tumupad sa kanyang sumpa, babagsak sa kanya ang kaparusahan; kapag sinadya niya ang di-pagtalima, mag-iibayo ang kanyang pagkakasala at kapag sumumpa siya ng ditotoo, hindi siya mapatatawad; kaya malilipos ng sakuna ang kanyang sambahayan.

### Tungkol sa karumhan at pakikiapid

• <sup>12</sup>May paraan ng pagsasalita na marapat patawan ng kamatayan; huwag nangawang gamitin iyan ng lahi ni Jacob. Ang mabuting tao ay umiiwas diyan at di nangugumon sa kasalanan.

<sup>13</sup>Huwag pamihasahin ang bibig sa maruming pananalita sapagkat iyan ay pagkakasala sa salita.

<sup>14</sup>Alalahanin ang iyong ama at ina kung nasa piling ka ng mga dakila, baka malimutan mong ikaw ay nasa kanilang harapan at magmukha kang hangal, at naisin mo tuloy na hindi ka sana isinilang at sumpain ang araw ng iyong kapanganakan.

<sup>15</sup>Ang taong nahirati sa malaswang pangungusap ay hindi na mababago pa sa tanang buhay niya.

<sup>16</sup>May dalawang uri ng tao na nagparami ng kasalanan, at may ikatlo na siyang dahilan ang pagkapoot ng Panginoon.

<sup>17</sup>Ang maalab na pagnanasang tumu-

yonal na kahulugan ng kahalayan: kasalanan laban sa kalinisan.

– Sa talatang 23:12-15, tinatalakay ang malalaswang salita at mga malisyosong pag-uusap. Ayon sa sinasabi ni Jesus sa Mateo 12:34: *Ang umaapaw sa puso ang namumutawi sa bibig.*

– 23:16-21. Tinutukoy dito ang lalaking may kerida.

– 23:22-23. Pinag-uusapan dito ang babaeng nakikiapid, pero masasabi rin ito sa lalaking nakikiapid: 1) kasalanan ito sa Diyos; 2) kasalanan ito sa asawa; 3) kasalanan ito sa dangal ng pamilya.

tupok sa tulad ng apoy ay di masusugpo hanggang may matutupok ito.

May taong naghahanap ng kaligayahan sa kanyang sariling katawan, hindi siya titigil hangga't hindi ito na-pag-aalab; sa isang mahalay na lalaki, masarap ang lahat ng pagkain at wala siyang pagkabu-sog hanggang kamatayan.

<sup>18</sup> Ang taong hindi matapat sa asawa ay nagsasabi ng ganito: "Sino ang makakakita sa akin? Nalulukuban ako ng dilim, nakakanlungan ng mga pader; walang makakakita sa akin. Bakit ako mag-aalala? Hindi mapapansin ng Kataas-taasan ang aking mga pagkakamali."

<sup>19</sup> Ang mga mata ng tao ang kanyang kinatatakutan; hindi niya naiisip na makasanlibong ulit na maliwanag ang mata ng Panginoon kaysa araw; sumusubaybay sa mga ginagawa ng tao at nakapaglalagos hanggang sa pinakatagong mga sulok. <sup>20</sup> Kilala niya ang lahat ng bagay bago pa lalangin at kilala pa rin niya kagapag nawala na.

<sup>21</sup> Parurusahan ang ganitong tao sa liwasan ng bayan, darakpin siya kung kailan niya hindi inaasahan.

<sup>22</sup> Gayundin ang babaeng nagtaksil sa asawa at nagkaanak sa ibang lalaki. <sup>23</sup> Una, sinuway niya ang Batas ng Kataas-taasan. Ikalawa, siya'y nagka-sala sa

kanyang asawa. At ikatlo, may dungis siya ng pakikiapid sa pagkakaroon ng mga anak sa ibang lalaki.

<sup>24</sup> Dadalhin siya sa harap ng kapulungan at susuriin din ang kanyang mga anak. <sup>25</sup> Hindi magkakaugat ang kanyang mga anak ni magkakabunga ang kanilang mga sanga. <sup>26</sup> Mag-iiwan siya ng isang alaalang kasumpa-sumpa at kailanma'y di mapapawi ang kanyang kahihyan.

<sup>27</sup> Malalaman ng mga taong nakakakilala sa kanya na walang kasimbuti ang pitagan sa Panginoon at walang kasinsarap ang sumunod sa kanyang mga utos.

#### Himno ng karunungan

**24** • <sup>1</sup> Pakinggan ang karunungan umaawit ng papuri sa sarili sa gitna ng kanyang bayan. <sup>2</sup> Masdan, nagbubuka siya ng bibig sa kapulungan ng Kataas-taasan, lumuluwalhati siya sa sarili sa harap ng Makapangyarihan:

<sup>3</sup> Nanggaling ako sa bibig ng Diyos at tinakpan kong parang ulap ang mukha ng lupa; <sup>4</sup> nananahan ako sa kaitaasan, at nasa haliging ulap ang aking trono.

<sup>5</sup> Mag-isa kong niligid ang bilog ng langit; nilakad ang pusod ng kalaliman, <sup>6</sup> sinakop ang nagngangalit na dagat, gayundin ang lupa at lahat ng bayan at bansa.

• **24.1** Pinapamutawi sa mga labi ng Karunungan ng Diyos ang tulang ito na katulad ng nasa Mga Kasabihan 8 at Karunungan 7. Binibigyang-diin dito na ang Karunungan ay nasa bayan ng Diyos.

Dalawang pangyayari sa banal na kasaysayan ang makakatulong para maunawaan natin ang presensyang ito ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Karunungan:

- Ang *ulap* na sumasama sa mga Hebreo sa disyerto (tingnan ang Ex 13:21)

- Ang *Tolda* na nagsilbing Santuwaryo sa disyerto (tingnan ang Ex 25).

Itinuturo ng unang larawan na talagang higit sa tao ang Luwalhati ng Diyos kayat malalaman lamang natin ang anuman sa Diyos kapag ikinukubli Niya sa ulap ang kanyang Luwalhati.

Itinuturo naman ng ikalawang larawan na ang tunay na tahanan ng Diyos ay hindi bagay na materyal; tinatawag natin itong "langit". Mahiwaga at pansamantala ang kanyang presensya sa mundong ito: parang isang tolda lamang.

Ang Karunungan ng Diyos ang namamahala sa sanlibutan at sa lahat ng bansa. Pinukaw niya ang mga pantas at mga relihiyon ng lahat ng bansa ngunit dumating siya sa natatanging paraan sa Israel na kanyang tahanan at pamana. Nagbibigay-daan ito sa sasabihin ni Juan sa kanyang Ebanghelyo 1:3 at 1:9: Si Kristo ang Karunungan ng Diyos at ang Iglesya ang bayang tutulungan niya.

Ginamit ng liturhiyang Katoliko ang tulang ito para sa mga piyesta ng Biheng Maria dahil angkop ang mga salita nito sa papel na ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos sa kanyang Iglesya. Sa araw ng Pagbabalita ng Anghel, tinanggap niya si Jesus sa ngalan ng lahat. Kaya ipinagkaloob sa kanya na maging una sa bayan ng Diyos at ina ng lahat ng iba pa.

Ibinabalik tayo ng mga huling bersikulo sa mga praktikal na bagay: sa isang natatanging paraan, ang Karunungan ng Diyos ay nasa Batas, ibig sabih'y sa aklat ng kanyang mga Salita.